MULTO, THOUGHT FORMS, ATB.

First Philippine Paranormal Investigation Handbook
Para sa mga Baguhan o Dalubhasa

RUEL RUIZ

Para sa aking ama na pumanaw.
Edmundo A. Ruiz
Unang libro ko ito!

Pasasalamat

Kay Tessie na aking ina.

Kay Pinky na aking asawa.

Sa aking mga kapatid na sina Noel, Menchie, Jojo, at Ariel.

Sa mga kamag-anak at kaibigan na nag tiyaga noong bata pa ako at sakitin . . . naniniwala man sila sa 'kin ngayon o hindi.

Sa aking biyenan at mga kamag anak na naniniwalang lubos, ang number 1 fan ko na si Emmy (Emma Ruth Jardeleza). No choice sila kasi love nila ako!

Sa mga best friends kong sina Stephen Rualo, Mario Luis Santiago at Arvin Cinco. Nasa malalayo na sila pero may choice sila na maging kaibigan ko kahit na sobrang mang-insulto at may weird na pananampalataya. Okey lang basahin ito at pagkatapos ay okrayin.

Sa mga kaibigang Paul Christopher Paule: kamusta naman ang trabaho sa Sykes (call center), Brennel Vergara: layo kasi ng Tarlac, Cirio Cortez: kung buhay ka pa magparamdam ka, may utang ka pa sa 'kin, at Noel Escondo: (musta si misis at mga bagets mo?) ang tinig sa likod ni Zenki ng Hero Channel. Kay Teejay Madrilejo, sa iyong konting panahon. Nariyan sila palagi kung kailangan nila ako, este nariyan palagi kung kailangan ko sila sa puyatan at pagiging transparent sa 'kin. Kay Fritz Bautista, hmp! Kay Michael “Satori” Bautista, musta si baby Seth? Naethan Lucero! Sa panahon at unawa ng pagiging control freak ko!

Sa mga nakasama ko sa Urgello, Cebu City. Kina Tito Filo, Rico Balo, Jayr Ching, John Ching, Jayr Bautista, Bryan Cotejo, Joselito Lorejo, mga boys na sobrang kulit. Kahit maingay sila at mahilig kumanta at gumimik sa gabi ay nagawa kong

manatiling gising. At least natapos ko ang libro na ito dahil sa kanila.

Sa mga estudyante noon at ngayon, choice nila kung babasahin ito. Kayo rin, malapit na akong magretiro! Mga pasaway na imbis natutulog at nagpapasarap ako ay nandiyan kayo, nangungulit kung tama ba intindi ninyo sa interpretasyon ninyo ng turo. Nagbayad na ba kayo ng dues? Suspendido!

Sa mga naging guro at guru ko, tao man o hindi.

Sa MM Group na sina Juddha Paolo, Cyril Manadlang, JP Tanchanco, Brian Tanchanco, Jonina Tanchanco, Ayee Domingo

Sa Inang Bansa, Malaya, Maharlika. Mabuhay ka, bayan ko!

Sa Kalikasan na lubusan tayong inaalagaan. Tulad ng ulan na bumasa sa 'kin noon papunta ako sa isang party na nakaporma pa naman ako. Hayun para akong basang sisiw sa party. Imagine mo sumasayaw ako nang basa ang brief ko! Ang dagat na nagparamdam sa 'kin ng takot malunod at letting go para makalangoy. Ang Araw na nagpa-sunburn sa 'kin sa White Beach sa Puerto Galera kahit may sunblock ako sa gabi at nakatambay sa Brux Bar. Mga puno na karamay ko minsan sa pag-peace of mind ko sa Starbux! Kahit kelan 'di ko kayo inihian!

Sa batas at prinsipyo ng Universe at pag-iisip. Kina Newton, Pascal, Galileo, Sacorates, Plato, Aristotle, Einstein, David Bohm, Euclid, Ernest

Holmes, Thomas Paine, Stephen Hawkings, Paul Davies, Charley Barretto, Phytagoras, Pharkust Quimby, Napoleon Hill, Joanna Cherry, Loiuse Hay, Jasmuheen, Joshua David Stone, Sun Tzu, Kahili King, Leonardo Da Vinci, Charles Filmore, John Price, Lewis Carrol, J.R.R. Tolkien, Nancy Anderson, Margo Ruark, Harry Potter, Tom Riddle, totoong sumulat ng bible, Mahabharata, Koran, Rig Veda at lahat ng mga henyo at pinaglaban at nagturo ng katotohanan, kagandahan, karunungan.

Sa mga Disney Movies at cartoons! Lalung-lalo na kay Mickey Mouse, Cinderella, Snow White, Sleeping Beauty, Tarzan, Lion King! Mga Disney songs na tumulong sakin sa oras ng kagipitan, pagkalumo at upang masugpo ang mga negative at malevolent vibrations ng isang lugar! Kayo po ang aking inspirasyon, na ang kabutihan, Pag-ibig, Kagandahan, at Katotohanan ay nabibiyayaan! You'll be in my heart!

Sa mga taga ABS-CBN na kapamilya ko, katrabaho, karamay sa puyat at hirap, sa saya at lungkot, gutom at kabusugan, may show man o wala! Kayong mga naging halos kapatid ko na. Tulad ni Zoilo Barrel at Paul Fernandez na masarap lasingin at kakutsaba sa maraming bagay na legal!

Salamat rin sa sweldo at pink slip!

Sa mga elemental, kaluluwa, espirito, thought forms, white lady, maligno, diwata, impakto, haunted house, at lahat ng litanya ng alam niyo na. Kung nagambala man kayo o feeling nagamit,

trabaho lang sa larangan ng pag-aaral at katotohanan.

Sa masa na matagal ko nang gustong iahon sa kanilang paniniwala, hay. Pwedeng huwag na sa Earth next lifetime?

Sa mga nakaaway at 'di nakasundo. Personal man o dahil sa paniniwala. Mga nainsulto o nabastos. Tulad ng mga nagfe-feeling na wicca sila, magicians, psychic, may power at mas magaling sa 'kin! 'Di nyo naman kayang panindigan! Ayan, may libro pa ako ngayon! Not to mention mas gwapo po ako at charming! Belat!

Sa teatro. Sa Musika.

Sa mga environmentalist!

Sa mga fans ng horror, drama, fantasy, magic, Voltes V, at Sesame Street!

Sa technology, cellphone, e-mail, fax, computer, ps1, ps2, ps3, resident evil, final fantasy 5-12, grand tourismo, at spy vs spy! Pinasaya niyo ako kahit masakit kayo sa daliri at kamay!

Sa lighter at oxygen, pati na anting-anting.

Sa mga gadgets at tools ng pag-iimbistiga!

Sa mga Neteru ng Egypt!

Sa Chimara sa Greenbelt 3!

Sa mga taga Iloilo na sina Romeo Ignacio Patińo Javellana, ang haba naman kaya Roi Javellana (Flow Bar) na lang, Miguel Cordova (Afrique), Jane at Elaine! Maraming salamat!

Sa mga nakalimutan ko.

Sa mga estudyante ng paranormal o mahilig sa paranormal at masipag tumuklas! Marami diyan mahilig sa paranormal pero tamad naman mag-imbistiga at mag-aral! Sana ay pag-aralan ninyong mabuti ang handbook na ito. Maiaahon kayo nito sa katangahan at kabobohan ng kakulangan sa kaalaman. Hindi ito “Everything You Need To Know” o kaya ay “Dummy Book on Paranormal.” Ito ay dapat mong maunawaan hindi lamang dapat malaman. At kung nais ninyong lubusang maunawaan, halika, mag-imbistiga at mag-aral pa tayo. Hindi pa ito ang lahat. Isa lang ang natutunan ko nang tanungin ako ng ganito, “Ano na ang mga natutunan mo sa Paranormal?” Sagot ko, “Natutunan ko po na marami pa akong dapat matutunan.” Very good ang answer ko! Hehehe! Tara, kaibigan, aral tayo!

Para sa inyong lahat ito. Maraming salamat po!

Ψ

Parang hindi mo seseryosohin ang librong ito kapag binasa mo ang unang bahagi at maging ang mangilan-ngilang parte. Naniniwala ako na ang pag-tuturo at pag-aaral ay hindi kailangan parang mga robot at nerdy. Mas masaya at

madaling matuto kung may kaunting comic relief sa buhay. Ang pag-iimbistiga at pag-aaral ng paranormal, supernatural ay seryosong bagay, ngunit hindi kailangan na nakasimangot ka, naninigas o OA sa pagiging academe. Kailangan nae-enjoy mo at masaya ka sa ginagawa mo. I don't take it seriously, I take it very seriously . . . nang may ngiti!

May Akda

Panimula

Isinulat ang libro na ito nang labag sa aking kalooban. Noong una ay ayaw ko talagang sumulat, lalo na ng Tagalog, dahil na rin sa pangamba na baka ma mis-interpret at baka hindi matanggap ng nakakarami ang isusulat ko. Maraming mga baka at maraming mga pagdududa, pero tama na ang mga baka not unless maging corned beef ang mga ito at makain na may scrambled egg sa almusal.

Ψ

Sa panahon ngayon na maraming mga misconception at maling pananaw sa paranormal ay nagawang pilipitin ang aking mga braso at

iharap sa computer upang gumawa ng isang handbook (kahit pinilipit ang braso ko ng sarili ko!). Isang handbook na magaan basahin at madaling dalhin (kaysa sa madaling basahin at magaan dalhin). Sa tingin ko ay napapanahon na upang ihayag ang katotohanan ng isang mapanuring pag-iisip ng tao.

Ψ

Kadalasan ang tanong ko sa mga tao na mahilig sa paranormal ay bakit ba gustong-gusto nila na maging Sherlock Holmes ng mga maligno? Kung bakit kailangan nilang alamin ang mga bagay na alam naman natin ay parang walang dahilan. Ang iba ay dahil may mga experiences sila dito, mga kaganapan sa buhay nila na may tila multo silang nakita o 'di kaya'y nagparamdam na kamag-anak. Ang ilan ay dahil naniniwala ang kanilang pamilya sa ganitong kababalaghan. May mga attention deficit lamang. Ang pinakamarami ay ang sagot na *"wala lang, cool kasi!"* Hindi ko alam kung ano ang kina "cool" ng mga espiritong naghihirap at madalas kung masaklap ang sinapit ay duguan at mala-*Ring* ang hitsura. Cool ba 'yun? Marami sa kanila ang lumapit sa 'kin at nagsabing gusto ko rin po makakita ng multo at mga espirito tulad ng ginagawa ninyo.

Bakit?! Bakit natin kailangan makakita o makakausap ng espirito?

'Yan ang tinanong ko sa sarili ko, bakit nga ba kahit ako ay mahilig dito at kinarir pa? Sa personal kong paniniwala, kaya ko ito ginawa ay dahil na rin

sa may mga tao na nangangailang ng isang eksperto (ehem) sa ganitong larangan. Pinag-aralan ko ito hindi dahil sa mga espirito o kaluluwa, pero dahil sa mga taong nagagambala at natatakot. Mga taong nahuhulog sa pagkabalisa dahil sa mga nakikita o nararamdamang sa palagay nila ay hindi normal. Mahilig ako sa paranormal hindi dahil sa mga multo, espirito, maligno o psychism, ngunit sa pagtuklas ng "kung bakit," "ano ang dahilan" at lalong-lalo na ayaw kong nakakakita ng taong malungkot at takot dahil sa bagay na walang dahilan.

Kapag masakit ang ipin natin, kanino tayo tumatakbo? Dentista! Kapag may tulo ang lababo ko at tumatagas ang tubig tatawag ako ng tubero. May problema, may solusyon. May pinag-uugatan lahat ng bagay. May dahilan. May sagot sa tanong na "bakit?". Bakit ako nakakakita ng multo? Bakit ko naramdaman ang isang bagay na ito? Bakit hindi matahimik ang kaluluwa ng isang yumao? Bakit pula ang itlog na maalat at hindi ginawang blue? Bakit ang carrots ay mas orange kaysa sa prutas na orange pero hindi ito tinawag na orange? Bakit, bakit, at sandamakmak na bakit. Kung may bakit na, at ito ay nasagot, ano ngayon ang gagawin mo? Madaling sumagot ng tanong na *bakit,* maraming pwedeng gawin dahilan o inaakalang eksplinasyon. Eh pagkatapos ng sagot sa tanong na bakit, ano na?

Halimbawa:

Matinong Tanong: *Bakit po ako nakakakita ng multo doon lang sa banyo ng school namin?*

Maling Sagot 1: *May nagpakamatay o napatay doon dati*.

Maling Sagot 2: *Marahil ay bukas ang third eye mo!*

Maling Sagot 3: *Tignan mo nga ang bahay namin baka may multo rin.*

Pag aralan natin:

Ano muna ang problema?

Kung bakit siya nakakakita ng multo sa banyo ng school niya.

Kung ang sagot mo ay 'yung 1, bakit 'yun mali? Ang tanong po ay bakit ***siya*** nakakakita! Hindi bakit may multo sa CR ng school niya.

Kung number 2 naman, o ayan, kaya siya nakakakita ay dahil bukas ang third eye niya! Tama na siguro 'yan. Mali pa rin. Eh bakit sa banyo lang ng school niya. Marami naman napatay, namatay sa iba't ibang lugar. Bakit hindi niya iyon nakikita kung talagang bukas nga third eye niya.

Kung number 3, siguro ay may nararamdaman ka sa bahay mo at gusto mo maliwanagan.

Eh ano ang tamang sagot sa tanong na 'yan?

Matinong Sagot: Bukas ang third eye mo 'pag nasa banyo ka ng school mo!

Matinong sagot pero mali dahil wala namang tamang kasagutan sa tanong na ito.

Ψ

Dahil na rin siguro sa mahilig tayong mga Pinoy na takutin ang ating sarili o 'di kaya ay nakaka-relate tayo sa mga ito kaya nagiging parte na ito ng ating buhay. Sino ba namang Pinoy ang walang experience sa pagmumulto o mga duwende? Lumaki na tayong kasama sa ating kultura ang mga tikbalang , kapre, tiyanak, at mala-Snow White's dwarfs na mga elemental. Kahit sa mga pelikula ay dagsa ang ganitong genre maging pambata man o pangmatanda. Minsan ay comedy o fantasy. Kelan kaya gagawa ng action, drama, o ST na may mga duwende? Sa mga napapanood natin at mga nababasa maraming mga tanong na kung ito nga ba ay may katotohanan o wala. Sana ay matutunan natin magbasa kung anong klaseng libro ang binabasa natin, nakalagay naman kung ito ay fantasy o non-fiction.

Ψ

Mula sa Gabi ng Lagim, Pinoy Thriller, Sunday's Big Event, Sesame Street, at ngayon ang Nginiiig, maraming nang mga iba't ibang shows ang nag-tackle ng kababalaghan. Teka, bakit may Sesame Street? Ano ka ba? San ka nakakita ng ibon na ganyan kalaki, si Big Bird, at nagsasalita pa? Mga mabubuhok na kung anong creatures sa basurahan, Dracula na nagbibilang (one, ah ah ah

ah, sabay kidlat) at monster na kumakain ng cookie? Sige nga. Kung sa tingin niyo hindi horror o supernatural 'yun, aba ewan ko na lang.

Takot ako noon sa Sesame Street, ang akala ko ay kapag lumapit ako sa basurahan ay may halimaw na lalabas doon at mang-aalaska o mang-aasar sa 'kin. Natuto tuloy akong magtapon sa kalye na lang at sa kung saan-saan ng basura, at least walang monster. (Hehehehe. Ngayon malaki na ako alam kong walang monster sa basuran kaya dun na ko nagtatapon. Walang monster, pero may mikrobyo.)

Ψ

Lumaki tayong may horror o fantasy sa buhay natin. Sino ang hindi nakakaalam ng *Kakampi Ko Si Sto. Niño*? *Pepeng Agimat*? *Mga Kamay ni Gilda*? *Shake, Rattle and Roll*? Lahat ng ito ay nagbigay sa atin ng idea na may mga espirito o demonyong gumagala at nanlilinlang sa tao. Lahat na yata ng mga idea natin sa mga multo at mga kababalaghan ay mayroong pinanggalingan. May iba’t ibang uri rin sila. Tulad ng ating pananamit—mayroong pambahay, panglabas, pantulog o panggimik. Mayroon tayong mga kwentong nakakatakot tungkol sa mga multo at mayroon din naman nakakatawa. Mayroon mga masasaya o kaya ay may mga malungkot. Minsan nga kung ang multo ay isa mong kamag-anak o mahal sa buhay ay okey lang, pero kung hindi mo kakilala ay sinasabi mong minamaligno ka na.

May mga multo rin naman sa kinagisnan natin Bibliya. Ang pagpapakita ng mga dating namatay

na at ang pagtulong din nila sa mga may mabubuting puso (nasaan na kaya ang mga multong ito ngayon?). Naging teknikal at part ng religious o cultural belief ang mga espirito at mga katulad nito. Nawala ang saganang pagsusuri o pag-iimbistiga ng siyensiya sa ganitong mga usapin at naging ang simbahan na lamang ang basehan ng kung ano ang sa masama o sa mabuti. Sa akin ay walang masama sa pagsusuri o pagtutuklas sa katotohanan. Dahil na rin sa pagtatago at pagpigil ng simbahan ay lalong naging pasaway ang tao at nagkaroon na lamang ng sarili itong mga haka-haka sa mga bagay na dapat ay pinag-aaralan sa level ng logic. Eh ano nga naman ba ang lugar ng isang siyentipikong pagsusuri sa bagay na espirituwal, ika nga nila. Kung walang katinuan ay walang karunungan, at kung walang karunungan para lang tayong isa sa mga duhapa at sakim na mga kongresista at politiko. May kinikilala bang espirito ang agham? May multo ba sa science? Dito nabuo ang personal kong adhikain. Ang pag-iimbistiga ng mga paranormal ay walang kinalaman sa espirituwalidad o relihiyon. Tulad ng psychism na walang kinalaman sa espirituwalidad ng isang tao o kanyang pananampalataya sa isang diyos. **Ang psychism ay pawang kakayahan ng pag-iisip at utak ng tao.**

May mga multo at paniniwalang paranormal na bago pa man matatag ang simbahang Katolika. Ang iniimbistigahan po dito ay ang kaganapan. Parang tanikalang nagkalagot-lagot ang kadenang bumabalot sa ating kaalaman tungkol sa mga ganito nang natuto na mag-isip at hindi matakot ang tao sa basta sinabi lamang ng isang relihiyoso

o ng isang libro na isinulat ng hindi naman tiyak kung sino. Lahat ng bagay ay kailangan ng matino at klarong eksplinasyon. Hindi na po tanga ang tao ngayon! Hindi na nga takot sa apoy ang tao eh! Hehehehe !

Ψ

Mabalik tayo sa kung may espirito nga ba o multo ang conventional science. Ang siyensiya ay hindi kultura o maging isa lamang kathang isip ng paniniwala. Ang agham ay may sumusuportang mga prinsipyo o batas na may ebidensiya. Tulad na lamang ng gravity, ulan, lindol, o maging thermo dynamics at math. May mga espirito ba sa likod ng gravity? Sa bawat addition? Kung ang ulan ay nagiging dagat at nag-e-evaporate at muling nagiging ulan, may espirito ba na nagpapaulan? Malay natin. Basta ang alam ko, kapag ang tubig ay nainitan nag-e-evaporate at pagtagal nagco-condense at nagpre-precipitate. 'Yun ang pinag-aaralan po, ang sitwasyon! Sa pagsusuri ng sitwasyon na ganito ay kailangan ng siyentipikong pag-aaral. Ilagay natin sa test tube ang multo at pag-aralan kung bakit siya multo, kung paano niya nagagawa ang mga bagay na nagagawa niya.

Ψ

Ang ating kultura sa kaluluwa ay mula pa noon bago tayo masakop ng mga dayuhan o ng mga kastila na nagdala ng Katolisismo sa atin. Iba’t iba ang paniniwala depende sa rehiyon o lugar ng mga katutubo. Ang ilan ay sinasabing ang multo ay tawag sa kaluluwa na nagkatawang tao. Mas

marami ang paniniwalang ang kaluluwa ay naiiwan at naglalakbay kahit na ang katawan natin ay patay na. Noong magpunta kami sa Sagada para sa isang quest ng Nginiiig ay marami akong natutunan sa kanilang paniniwala at kultura. Dati kasi ang akala ko kapag sinabi mong anito ay diyos nila ito. Hindi pala ganun. Ang anito ay tawag nila sa kaluluwa ng isang taong namatay na. Ang kanilang mga anito ay gumagala pa rin tulad ng isang normal na buhay na tao. Nakikisalamuha at tumutulong sa buhay-buhay. Sana nakakapaglinis ang multo ng bahay at nauutusang bumili ng yosi! Teka, pero paano mo papaswelduhin? Nasobrahan yata ako ng kain ng brownies sa Sagada eh! Mahirap na, 'wag na lang, baka lumaki pa akong tamad. Pero ano nga ba ang multo? Dapat ba itong katakutan? Dapat bang intindihin o makipag-usap at gawing amigo na mala-*Casper the Friendly Ghost*? Malaki ang respeto ng ating mga kapatid sa kanilang mga ninuno na pumanaw na. Wala namang masama doon para sa 'kin. 'Yun nga lang may mga katutubo pa rin na sinasama nila sa kanilang hapag-kainan ang bangkay ng kanilang Apo na matagal ng patay. Mummified ang karamihan, at ang ilan ay pinagsasaluhan nila ang langib ng bangkay nito. 'Yun ang kanilang paniniwala, so respetuhin natin. Basta ba hindi ikaw ang inihahain at pinagsasaluhan eh walang problema! Okey na ako sa multo, pasensiya po pero parang hindi ko ata kaya na kumain ng langib ng isang bangkay kahit na kamag-anak ko pa ito (o dahil hindi ako sanay).

Ψ

Sa aking pagsusuri at pag-aaral, napag-alaman ko na ang kaluluwa o tinatawag na multo ay energy. Energy? Parang solar, electrical, anong klaseng energy? Potential, kinetic? Thought energy! May energy ang thought? May mga imbestigasyon na ginawa at pag-aaral na natuklasan ng mga siyemtipiko habang pinag-aaralan ang mga quarks (smallest particle so far na nadidiskubre). Nagtataka sila na bakit kung saan nila inaakalang matatagpuan ang quarks ay doon ito lumalabas nang walang mintis. Tatalakayin ko ito sa ibang libro na ang titulo ay *Potions, Gayuma, at Iba Pa***.** May energy at kapangyarihan ang isip at emosyon ng tao! Amen!

Ψ

Ang energy na ito kasama ang emosyon ay ang Emotional Impregnation ng bawat tao na naiiwan sa paligid, sa dingding, sa sahig, sa gamit, at kung saan-saan pa! *Mahirap man maintindihan ay buong tapat kong sasabihin na hindi ako naniniwala sa kaluluwa sa level ng relihiyon.* Kapag sinabi kong ghost o spirit sa antas na ito ay sa punto ng vibration at frequency ng isip at emosyon ako nanggagaling. Para sa akin, ang mga ghost, kaluluwa, entities, etc., ay mga effects ng ating isip at emosyon na maaaring naiiwan.

Ψ

Madalas ay tinatawag ko rin itong “signature” o “emotional thread.” Kung ito ay emosyon na emitted ng utak at damdamin, mayroon itong frequency. Kapag may frequency, may movement, weight, at specific vibration. Madalas natin marinig sa ngayon ang emotional qoutient ng isang tao na kasing importante ng intelligence qoutient, kung hindi man mas importante. Kung nako-compute ang emotional quotient ay tiyak na may vibration ito mula sa atin. At itong vibration na ito ay nagsisilbing multo sa iba’t ibang level ng frequency.

Playback Ghost

Kaya nga ba may mga tinatawag lamang tayong mga “playback ghost.” Ito 'yung mga paulit-ulit na scenario na nangyari dati. Tulad ng kung may nangyaring saksakan sa isang kuwarto. Paulit-ulit na nakikita o nararamdaman ang pangyayaring ito. Kadalasan, sa kung anong oras naganap ang patayan ay doon magkakarun ng manifestation. Paulit-ulit na habulan, sigawan, at saksakan. Ito ay recorded sa paligid mismo kung saan may malalakas na emotional disperse tulad ng suicide, murder, etc. Ang mga multo dito ay kadalasan hindi conversational o hindi man lamang mamamansin. Dito mo malalaman na ito ay isang “playback” lamang ng isang pangyayari na paulit-ulit nagaganap. Kung tutuusin ay hindi ito harmful pero nakakairita!

Example:

- Sa Corregidor ay may paulit-ulit na nakikita at naririnig na yabag ng mga nagmamartsa sa daan sa umaga.
- Sa isang simbahan sa Mandaluyong ay may paulit-ulit na kumakanta kahit walang tao.
- Sa isang hotel ay may paring Dominican na pugot ang ulo na na nagroronda.
- May kalesang palaging nakikita sa may Bulacan na nawawala rin paglagpas ng tulay.
- Pagbibigti ng isang katulong sa attic ng Cainta Haunted House.
- Ang pag-iyak at pagdaing ng tulong sa ilang lugar na nasunugan.

Sa mga ganitong kaso ay mahirap maka-tap at mag converse sa mga thread o signature nila. Dahil na rin irregular ang vibration nito at kailangan ay naroon ka mismo sa lugar at ready ang mga gamit upang makakuha ng mga information at input para sa investigation. Parang sa pelikulang *Twister* na tiyaga at tiyamba talaga. Iniimbistigahan para malaman ang nature nito at malaman din kung papano maiiwasan o malulunasan para hindi abala. Mahirap kaya 'yung naliligo ka at biglang makikita mo na may nakasabit na babae sa banyo mo pag-alis ng sabon sa mata mo! Bulaga! Dapat may oras na lang ng paligo at i-timing mo na 'di siya lalabas doon!

Earthbound Entities

Ang ilan naman ay classified as “entity” na may capability na mag-communicate at converse. Ito ay mga “ghost” na naliligaw at naghahanap ng solusyon para sa sitwasyon nila. Tinatawag sila kadalasan na mga “earthbound souls o spirits.” Naghahanap sila ng karamay emotionally. Nagpapaparamdam sila sa mga taong may kapareho nilang level ng emosyon o parehong problema bago pa man sila mag-transpire. Ang mga ganitong klaseng “roaming emotions” ay maaaring ma-convert din sa pamamagitan ng pag-meet halfway at pag-bombard ng opposite charge ng emotion. Minsan ay hindi lamang mga discarnate spirits ang ganito. May mga ilang astral entities o elementals ang nagiging ganito. Technically, kapag sinabi mong earthbound, sila 'yung mga hindi makaalis sa physical plane o dimension ng humans kaya nakikita pa rin sila. Para sa akin ay nakaalis na sila, ngunit may mga ilang bagay ang nagpap balik sa mga “entities” na ito tulad ng unsolved problem bago mamatay at resistance sa pagbabago ng condition nila.

Thoughtforms

Ito ay mga ghostly manifestation na halos kapareho ng mga ginagawa ng totoong mga entities. Gawa ito sa mga isip at emosyon ng buhay na tao. Maaaring naiiwan sa paligid, gamit, atmosphere. Ang mga emosyon tulad ng galit at lungkot ay may mababang frequency at vibration. Kadalasan sa lugar na madalas mas maraming mga emotional outbursts ay maraming mga “thoughtforms.” Sa aking pagsusuri ay naririto ang top 6 na maraming mga manifestations o pagpapakita ng mga “ghosts.”

- Hospitals
- Simbahan
- Schools
- Motels/Retreat Houses
- Halfway Houses
- Mga lugar na may pagpapahirap (tulad ng preso, execution chambers, dungeons, etc.)

Bakit wala ang sementeryo? Halos bihira lamang po ang mga multo sa sementeryo. Mga kadahilanan:

- Ang pagmumulto ay hindi dahil sa may bangkay o wala. Ang attachment ay wala sa katawan ngunit sa lugar kung saan nangyari ang huling “conscious awareness” o kaya ay “emotional attachment” ng isang tao.
- Kadalasan ang sementeryo ay puro party at reunion ang nagaganap, wala na halos nalulungkot.
- Higit sa lahat, useless na magmulto sila sa sementeryo. Sino pagmumultuhan nila doon? Sila-sila? Wala akong narinig pa na minultong multo. Meron na bang kinulam na duwende o natikbalang na kapre? Malay natin.

Hospitals

Isa sa pinakamaraming mga manifestations ay ang hospitals. Sa lahat na yata ng lugar ay ito ang may pinakamaraming emotional outbursts at last conscious awareness. Dito pinakamaraming namamatay at mga dinadalang naaksidente. Nandiyan ang takot, galit, nerbiyos, at marami pang iba. Mula sa pag-iyak ng mga kamag-anak o mahal sa buhay pati na rin ang pagpapaalam ng

yayao ay dito nagaganap. May kinalaman din ang malalaking mga generator at mga heavy equipment na situated sa loob at malapit sa mismong building ng hospital. Bakit? Dahil sa static at EMF o electromagnetic field na generated ng mga makinang tulad nito.

Simbahan

Hindi ito dahil nagdadasal ang mga multo at gustong magsimba. Kadalasan ay mga “playback” at “thoughtforms” ang naririto. Bakit? Sa lahat ng lugar ay ang simbahan ang hodgepodge ng emosyon. Mga taong humihingi ng tulong dahil sa problema ay kadalasan nasa simbahan pati na mga tinatagong emosyon at mga thought frequency. Nakakaapekto rin ang materyales kung saan gawa ang simbahan gaya ng matitibay na bato na may katagalan na. Lalo na 'yun mga lumang simbahan na talagang solid ang pagkakagawa. Bakit? Ano meron sa mga ito? Sa mga ganitong uri ng bato ay mataas ang “impregnatory capacity”. Mas malakas kumapit ang mga vibrations ng emotions at energy pattern. Mayroon iba na may mataas na crystal content na kung saan mas nakakapag absorb ito ng mga vibration ng paligid. Hindi naman basta basta ito

Schools

Marami rin mga manifestations at nararamdaman sa mga schools. Bukod sa mga urban legend na sanhi ng mga “telepathic infection” na gawa ng mga estudyanteng walang magawa sa buhay bukod sa manakot at mag-power trip. Naging hindi madali sa akin ang pag-iimbistiga ng mga schools

dahil na rin sa mga permit na kailangan ng school bago ka makapag conduct ng isang “questing.” May ilang mga schools ang open para dito. Minsan ay sila mismo ang nagre-request ng investigation dahil na rin sa pangamba ng baka lalong matakot ang mga parents at estudyante.

Maraming theory ang napapaloob sa mga haunting sa eskwelahan. Isa na siguro sa pinakamahirap i-quest ay ang mga eskwelahan. Isa sa mga dahilan na rin ang limitadong oras dahil may pasok na agad kinabukasan. Marami rin namang mga kaso na may pahintulot ng school mismo. Kadalasan ay kinakailangan ng complete team sa kasong mga ganito. May nag-iimbistiga sa mga “witness,” may nagre-research sa historical background ng school (pati kung ano ito dati at mga naganap), may nagche-check ng wiring at possible external causes (tulad ng hi-tension wire, poste ng kuryente at underground wirings kung meron.) Nag-i-implore rin ako minsan ng psychic investigation upang mag-investigate ng kaso nang sabay dahil na rin sa laki ng lugar.

Isa lamang ang kadalasang nagiging common denominator ng kasong ganito. Ang manifestations o paranormal anomalies ay kadalasang nangyayari sa mga lugar na dating abala sa iba't ibang activities ngunit biglang natigil ang mga activities na ito. May kinalaman marahil ang biokenetic energy ng tao, ionization level ng lugar, ang power upsurge na biglang nawawala sa gabi.

Hindi rin inaalis ang location at historical background ng school. Katulad na rin ng mga hospitals at simbahan, maraming tao madalas at

bigla minsan ay wala. Continuous pa rin ang research sa ganitong theory ko.

Liban na rin sa mga thoughforms at telepathic infection na mas madalas mangyari, may mga urban legend na rin ang ilan sa mga school. Siyempre naman, halos bawat school ay may sariling in-house ghost na pinag uusapan. Mahirap lamang ay kapag mayroon isang tao sa school (teacher man o studyante) ang susceptible o gullible *(fantasy proneness)* lalo na kung emotionally unstable siya. Ayun, kundi may makikitang multo, may possession na na magaganap. Pero ang pangit naman yata na nakasulat sa yearbook mo ay: “Itong si Juan dela Cruz ay ang Emily Rose ng class 2005. Sinapian siya ng demonyo during Geometry Class!” Chaka!

Motels
Pareho rin halos ng mga nabanggit sa itaas. Maraming mga emotional outburst ang nagaganap sa lugar na ito. Madalas maraming tao tapos ay biglang nawawala. Alam niyo na ibig sabihin, malaki na kayo.

Retreat Houses
Pareho rin halos ng mga nabanggit sa itaas. Maraming mga emotional outburst ang nagaganap sa lugar na ito.

Mga lugar na may pagpapahirap *(tulad ng preso, execution chambers, dungeons, etc.)*

Hindi lamang emotional outburst ang meron sa lugar na ito. May mga galit, muhi, at takot rin na kasama ang lugar na mga ganito. Ang mga

presohan o dating presohan tulad ng mga dungeons ng mga kastilyo sa Europa o maging sa ibang lugar ay maraming mga manifestation. Ang ilan ay hindi nalilinis man lamang. May mga signatures sa paligid. May mga dugong umagos at luha na bumaha sa mga ganitong mga lugar.

Kung titingnan maigi ay halos lahat ng top 6 na lugar na ito ay may sumusunod na mga katangian:

- *Ang pagdagsa ng tao at biglang pagkawala.*
- *Ang mga emosyon ay matitindi.*
- *May mga paghihirap o pagdurusang nagaganap* (sa simbahan at school ay may mental torture madalas).

Ψ

May mga normal din na lugar na mayroon mga sinasabing paranormal experiences. Maging sa mga bahay ay may mga paramdam. Kadalasan ang mga kaso ay ang mga pagpapakita raw ng mga multo. Napansin ko rin na ang kalimitang nakakakita ng mga ito ay hindi ang mga may-ari ng bahay, ngunit mga househelp. Kung hindi naman ay kung sino ang may emotional disturbance sa mga kasambahay.

May mga classic na places na para bang sinasadyang palaging favorite place ng mga multo na pinagpapakitaan. Sa mga pelikula at mga libro ay nagiging stereotype na ang mga pagpapakita na ito. Ang paglabas sa salamin sa banyo habang ikaw ay naghihilamos, sa may pintuan, tabi ng kama, at sa mga kuwarto. Bakit may certain places lamang

na palaging sila ay nagma-manifest? May ilang mga factors kaya dito madalas sila nakikita o nararamdaman. Isa na ay ang "proneness" ng isang tao. Kapag mag isa sa kuwarto ay palaging pinupunan ng isip ang mga bagay na pwede nitong punan. Tulad na lang ng isang silya na bakante sa loob ng kuwarto. Lalagyan ito ng isang nayong nakaupo kapag ang isip mo ay prone o highly imaginative ka. Kapag salamin namam ay laalgyan ng isip ng isang imahe o reflection ito. Lahat ng ito ay depende sa emotional state ng isang tao. Ito ang mga parte ng bahay na madalas may pagpapakita:

- Kuwarto
  - Sa may paanan ng kama o gilid nito.
  - Sa isang sulok.
  - Sa isang silya na walang nakaupo.
  - Sa likod ng pintuan.
- Banyo
  - Sa may vanity mirror.
  - Sa may shower
- Hagdanan
  - Sa itaas ng hagdaan.
  - Sa paanan ng hagdanan.
  - Sa ilalim ng hagdanan.
- Kusina
  - Sa malapit sa refridgerator.
  - Sa lababo.
  - Sa microwave oven.

- Mga pintuan
  - Sa may bingit ng pinto,
  - Nakatayo sa gilid nito.

Kung saan madalas na nasanay ang ating isip na may tao sa isang lugar ay doon nito ito lalagyan ng anyo. Ang matagal ng suggestion sa ating pag-iisip ay tila nasanay ng may nakikitang activity ng isang tao sa lugar na ito. Kapag walang tao o activity ay gagawa ng imahe an gating isip upang lagyan ito. Bakit? Kasi nasanay na!

Ψ

Philippine Paranormal Guide para sa mga tools at gadgets at iba pang mga terminolohiya.

Naririto ang ilan sa mga kagamitan na maaaring bilhin o 'di kaya ang iba ay pwede na lamang gawin. Hindi ko na isinama masyado ang iba pang mga tools of the trade na alam ko naman na hindi rin magagamit o mabibili ng isang pangkaraniwang tao tulad ng **proton pack** at **electron trap** ng Ghost Busters!

Medyo serious na tayo dito, class. Konti na lang ang joke. Mababawasan lang pero hindi mawawala.

Thermometers:

Ginagamit upang kuhanin ang temperature ng isang lugar. Iba’t ibang ang klase o uri ng thermometer. Sa isang imbestigasyon pinakamainam ang digital thermometer upang makita ang fluctuation ng temperature ng

nasabing lugar. Ang pagkuha ng temperature ng isang lugar tulad ng mga kuwarto ay importante sa paglista ng ilang anomalies. Ang biglaang pagtaas o pagbabago ng temperature ng lugar ay isinasaalang-alang at baka ito ay may dahilang paranormal. Ang pagbabago ng temperature ng 5 degrees o higit pa sa humigit-kumulang 5 segundo ay hindi pangkaraniwan lalo na kung ito ay isolated sa isang lugar lamang. Kadalasan ang dami ng tao sa lugar at kahit na ang pananatili ng isa o higit pang mga tao sa iisang lugar ay nakakaapekto sa kondisyon ng nasabing lugar at magkakaroon ng init o lamig ang kuwarto. Ang pagtaas ng init ng katawan ay normal sa taong natatakot, ninenerbiyos, galit, at ilan pang mga emosyon. Ang mercury thermometer ay mahirap gawing basehan liban na lamang kung matagalan ang gagawin imbestigasyon at hindi ganun kaselan. Ang pag-check ng room temperature ay ginagawa every 30 minutes. Tiyakin na isa o dalawang tao lamang ang kukuha ng temperature. Maaring isa lamang, pero baka dahil sa takot o pagod at mali ang maisulat nito kaya dalawang tao ang kadalasang nakatoka sa pag-check. Mas mainam kung kukunan ng video camera ang bawat pag-check ng mga tools at gadget.

Sound recorders:

Sa panahon natin ngayon ay may dalawang uri ng recorder na madaling mabili, ang **analogue tape recorder** at ang **digital recorder.**

Ang **analogue tape recorder** ay tulad ng mga cassette and micro-cassette recorders na makikita natin sa mga reporters noong araw at maging sa

ngayon. Simple lang at madaling gamitin upang i-record ang mga sounds na nasa paligid. Mas mainam ang recorder na tulad nito ang may microphone para sa mas magandang quality. Mahirap lamang minsan dahil may noise at hiss kapag nag playback na ang tape. Sa isang paranormal investigation, ito ay ginagamit upang makakuha ng EVP o electronic voice phenomenon na sinasabing nagmumula sa isang supernatural or paranormal source.

Ang mga **digital recorder** naman ay maaring mga mp3 player, cellphone, ay iba pa. Ang hindi lang maganda sa mga ito ay ang limitadong space ng memory at may kamahalan. Bagama't may kamahalan ang mga memory chips para dito, mas matagal silang gamitin kaysa sa mga analogue at hindi pa komplikado ang operasyon. Ang iba ay programmable na mag-record everyb two hours. Mainam na ginagamit kapag may interview ng subject at pangkuha ng EVP. Personally, mas gusto ko ang analogue tape recorder.

Ang pinakamaganda ay ang digital audio recorder na ginagamit pareho ang katangian ng analogue at digital na mga techniques. Ang **Digital Audio Tape** o DAT recorder ay may kakayahan ng digital recording techniques na may cassette tape kapareho ng 8mm video cassette. Mas mura kasi ang tape kaysa mga memory cards.

Sinusuring mabuti ang lahat ng mga na record na tunog at iniimbistigahan.

Ang frequency na 19Hz halimbawa ay ang frequency na kung saan ang human eyeball ay mag

ba-vibrate. Ito ay maaring kadahilanan para sa ibang tao na ma-disturb ang kanilang paningin at ang pakiramdam na may nagmamasaid sa kanya, o 'di kaya'y may ibang pang presence na nasa kuwarto bukod sa kanila. Ibaba mo lamang ng kaunti ang frequency na kung saan ang sikmura at ilang internal organs, kasama ang utak, ay magba-vibrate at maaring makasanhi ng discomfort sa isang tao at kadalasan ay nauuwi sa takot na may kahalintulad sa totoong paranormal experience.

Mainam na pagtuunan ng investigation ang mga anomalies sa parte ng audio ranges.

Pictures and Images:

Isa na marahil ito sa pinaka-exciting na parte ng paranormal investigation lalo na sa mata ng hindi nag-aaral ng paranormal o ng public. Marami ang natutuwa kapag nakakakuha sila ng multo sa litrato. Parang isang kaso na may matibay kang ebidensiya na pinanghahawakan upang maipanalo mo ito. Sabi nga nila, seeing is believing and the camera never lies!

'Yun ang sabi nila pero sa 'kin, ang camera ay nagsisinungaling din at hindi lahat ng nakikita ay dapat pinaniniwalaan. To believe is to see!

Kadalasan ay gumagamit kami ng video camera. Marami na ngayon ang naglabasan na mga surveillance cameras na maliliit at maari mong ilagay sa strategic spots at panoorin sa monitor at i-record. May mga ilan pa na may infrared at night vision capability. Sa still camera, mainam na gamitin pareho 'yung digital at 'yung may film.

Ang mahirap lang sa digital camera ay madali itong i-manipulate at dayain sa computer. Maaring maglagay ng anomaly sa frame at sabihing paranormal iyon.

Noong mag-boom ang digital cam ay lalo na ring nag-boom ang orbs dahil na rin sa ang digital ay kumukuha ng mga minute specs at pinapalaki ito. Kahit na ang pollen, alikabok, fog, ay nagiging mala-orbs.

Ang digital camera ay isang mahusay na gadget. Halos unlimited ang iyong pagkuha ng pictures at hindi mo na kailangan mag-antay ng matagal sa pag-develop ng film. USB lang, OK na lahat! Maari mo rin itong suriin nang mas madali sa computer kung kinakailangan.

Direct Vision Devices:

Ang mga tools at gadgets na ito ay ginagamit kung hindi mo pa maaring ma-record at preliminary study pa lamang ang ginagawa. Gamit tulad ng **binoculars** (largavista) at **telescopes** ay importante sa pagsusuri ng mga bagay na malayo para sa mas detalyadong imahe. Para rin sa mga kasama mo na palaging nawawala at natutulog sa malayo o kung anong milagro ang ginagawa.

Sa pagmamasid sa mga kalawakan at mga bundok, minsan ay kinakailang may kalayuan upang hindi mo ma-disturb ang location. Pwede rin sa bintana ng kapitbahay mo, baka kasi may paranormal na kaganapan.

Ang **light intensifier** o **night vision scope** ay useful na gamit para makakita ka sa dilim. Ina-amplify nito ang available light nang maraming beses upang maging maliwanag ang pagkakatingin sa lugar.

Electromagnetic Field (EMF) detection devices:

Ang mga litrato at mga tunog ay pawang parte lamang ng electromagnetic spectrum. Mula sa ultra short wave lengths na binubuo ng radiation at x-rays pababa sa visible light spectrum hanggang sound, radio waves at ang mismong geomagnetic field ng mundo.

Ang pag aaral sa ngayon ay nasa lower ranges na nga EMF. Dahil na rin sa mas madalas silang makakita ng anomaly sa mga mababababang range na ito. Ito ay tinatawag na INFRASOUND.

Napag alaman na ang success ng isang Psi test at reports ng spontaneous Psi experiences ay dumadalang kapag mayroong mataas na fluctuations sa Earth’s geomagnetic field.

Ang lakas ng geomagnetic field ay kadalasang nasa 20,000 at 50,000 nano-Tesla (nT) depende sa kung saan parte ng daigdig ito kinukuha. Ang ibang mga factors tulad ng local geology at pagbabago dahil sa Sun’s magnetic energy ay may epekto.

Napag-alaman rin na ang mahinang magnetic field na mas mababa sa 50,000nT at frequencies malapit sa pino-produce ng katawan ng tao (less

than 100Hz) at ng utak mismo, at frequencies mababa sa 50Hz ay may kakikitaan ng epekto sa human physiology at behaviour.

Ayon na rin sa pagsusuri, ang paglagay sa isang subject sa isang fluctuating random magnetic fields na nagmumula sa dalawang large coils na kung saan umuupo ang subject sa pagitan nito (madalas gawin ni Nicola Tesla) ay nagsasabing maraming mga nararamdaman na malapit na sa paranormal events tulad ng may nagmamasid at may tila humahawak sa subject. May kung anong presence sa kuwarto at naririnig ang mga ilang boses. Ang ilan ay nagsasabi pa na nakakaranas sila ng tulad ng sa naranasan ng isang nag-Near Death Experience (NDE) na.

Kung susundan natin ang mga pag-aaral na ito ay mahihinuha natin na ang taong nasa ganitong kapaligiran ay magkakaroon din ng kaparehong nararanasan kung sila ay nasa parehong EM fields. Ang mga power cables, computers, TV's at mobile phones napag alaman na mayroon kaparehong EMF na katulad ng ginagamit sa mga paranormal experiments.

Ang mga taong ito na exposed sa ganitong uri ng EM ay maaaring akalain nilang paranormal. Halimbawa, ang pagkakakita sa isang multo o pagkidnap sa kanila ng UFO o duwende.

Wala pa akong nakakitaan na Pinoy na gumamit ng **EMF detector** sa pag-iiimbistiga. Siguro dahil mahal o kaya ay hindi alam kung saan kukuha. Maraming klase o uri, depende sa budget at gamit mo. Kung tutuusin ang EMF detector ay ang "must

have" tool sa isang nagrerespeto sa pag aaral ng electromagnetic fields.

May mga EMF na kumukuha lamang ng EM ng mga domestic appliances sa 50Hz at 60Hz. Masyadong matataas ang mga frequency na kanilang nasasagap para ito ay magamit sa isang paranormal research lalo na kung ang pag-aaralan ay epekto nito sa utak. Ang kritikal na frequency na nakakaapekto sa isip ay mas mababa, mga nasa 5-30Hz range na ginagamit ng utak.

Ang brain activity ay kadalasang nakikita sa range na kung tawagin ay Griego (greek) letters.

Delta (0.5-4Hz), Theta (5-7Hz), Alpha (8-12Hz), Beta (18-30Hz) and Gamma (30-50Hz).

Ang lower ranges—Delta to Beta—ay madalas may epekto sa subject upang makaranas ng mga experience na tulad sa paranormal.

Ang EMF na may kakayahan na ganito ay bihira at may kamahalan. Karamihan sa mga researchers at investigators ay wala nito, at gumagamit na lamang ng EMF na karaniwang Gamma range lamang ang nare-recognize.

Ang mas nakakatakot ay ang pagdagsa ng mga paranormal investigators na mayroon nito at hindi naman alam gamitin. Hindi rin nila alam kung ano nga ba ang hinahanap nila at bakit nila hinahanap ang mga ito. Maraming naniniwala na ang multo ay nag i- emit ng EMF radiation at kapag namatay

ang kanilang EMF detector ay naka-detect na ito ng multo!

Sa matagal nang pag-aaral at pagsasaliksik, ang multo ay walang abilidad na mag-emit o radiate ng electromagnetic energy.

Ang kathang-isip na ito (na ang mga multo ay nag-e-emit ng EMF) ay dinagdagan pa ng ilang mga palabas sa television na foreign na nagsasabing nag-iimbistiga ng paranormal at gumagamit ng EMF detector bilang “ghost detectors.”

Oo nga at ang lower frequency ay nakakaapekto upang magkaroon ng isang paranormal experience ngunit hindi na-establish na ang higher frequency ay walang epekto lalo na sa mga taong sobrang sensitibo sa mas matataas na frequency. Hay, hirap mag-insert ng joke dito!

Iba pang high-tech gadgets:

Ultraviolet camera

Ginagamit upang malaman lahat ng scope ng frequency. Kung gumagamit ng infrared dapat ay may ultraviolet rin. Baka kasi ang multo ay hindi lang sa infrared nakukunan, dapat subukan lahat ng paraan. Tulad ng damit, may pantulog at mayroon din pang-gimik. Baka may multong gumigimik sa ultraviolet range.

May hindi rin maganda sa paggamit nito kung hindi mo alam ang safety measures. Ang UV light

ay napag-alaman na nakakadulot ng cataract o ilang problema sa mata.

Maari rin ito pang-check kung ang binayad sa 'yo ng nagpapaimbistiga ay fake o tunay na bills! Pati yata sa pera may paranormal!

Negative Ion Detectors (NIDs)

May dalawang gamit ang gadget na ito: (1) mag-detect ng strong negative ion sa paligid at (2) mag-detect ng high levels ng electrostatic charge.

Ang negative ions ay nag-i-indicate ng ilang kaganapan ng mga manifestation ng paranormal activity tuwing may mataas na level nito sa paligid.

Kung hindi niyo pa rin maintindihan ay kuhanin ang libro ninyo ng physics at chemistry at mag-review muli. Lubusan kong na-appreciate ang trigo, algebra, math, at science nang pag aralan ko muli ang lahat ng ito! Kung alam ko lang ito noon pa!

**Ang ions ay may definition na electrically charged atoms ('di ko po alam ang tagalog ng electrically charged atom). Positively charged ions ay may kakulangan sa electrons, at ang negatively charged ions ay may sobrang electrons. Ang ion ay maaring i-classify bilang atom o molecule na may electrostatic charge. Isa pang classification ng ion ay charged particle na nabubuo kapag isa o higit pa na electron ay kinuha mula o dinagdag sa dating neutral atom o molecule.*

Maari itong magmula sa iba’t ibang natural na dahilan tulad ng pagkatapos ng isang thunderstorm o malakas na hangin sa maghapon. Mayroon din mga man-made na ganito tulad ng mga ionisers at air pollution-reducing devices.

Ang mga **electrostatic (ES) detectors** ay ginagamit rin sa parehong paraan. Sa pagsasaliksik na rin ng mga dalubhasa, napakita rin na ang paranormal activity ay may keneksiyon sa mataas na presence ng ES sa paligid. Ang ES energy ay matatagpuan pagkatapos ng pagtama ng kidlat o kaya ay sa mga malapit sa telebisyon. Maari rin itong magawa sa simpleng pamamaraan ng pagkuskos ng isang tela at pagtapat nito sa ulo (tatayo ang mga buhok, not unless naka-wax ka o gel).

May mga ibang nag-conduct ng pag-aaral na nagsabing kabaligtaran ang epekto nito. Ang mga multo diumano ay lumalayo sa negative ion areas at ang ES fields ay maaring magpababa ng paranormal activity sa isang lokasyon. Personal kong nasubukan ito. Madalas akong sundan ng mga paranormal activity kahit nasaan ako. Minsan ay bumili ang biyenan ko ng ioniser at nilagay ko sa kuwarto ko dahil daw maganda ito at naglilinis ng hangin. Nakapagtataka at simula noon ay nabawasan ang mga paramdam at feeling ko na may ibang entity sa kuwarto ko. Exorcism machine! Itapat ko kaya sa isang possessed? Matanggal kaya ang sapi? At least kung hindi ay lilinis naman ang hangin ng kuwarto!

Marami pang mga ilang tools na ginagamit magpahanggang ngayon. Hindi naluluma at walang kupas. Gasgas na nga kung tutuusin.

Candles o **kandila—**madalas na ginagamit upang malaman kung saan nagmumula ang hangin, liban na rin sa karagdagan na ilaw. Mura na at madali pang gamitin ang mga ito. Ang kahit na mahinang ihip lamang ng hangin ay nalalaman kaagad dahil sa kandila, ang apoy nito ay gagalaw. Mayroon lamang mga kandila na pumuputok-putok dahil sa impurities ng wax at pag-combust ng wax mismo. Upang makasigurado ay dalawa o higit pang kandila ang ginagamit naming upang makita kung sabay ang mga ito o hindi. Pwede rin sa birthday cake! Blow your candle! Happy birthday! May mumu!

Lapis, pandikit na tape and **Manila paper—** maraming kaso ang sinasabi nilang may mga pintuang bumubukas mag-isa kahit walang tao at ito raw ay sanhi ng isang espirito. Kadalasan mahirap itong ma-detect o mahuli man lamang sa camera. Nilalagyan ng lapis ang paanan ng pintuan (naka-tape ito dun) at may nakalapag na Manila paper sa ibaba ng pinto. Tiyakin na ang lapis ay nakalapag sa papel upang maguhit nito ang pagbukas ng pinto at ma-measure nang tama.

Flour or talcum powder—bihira ko na itong ginagamit dahil na rin sa masyadong makalat. Hindi ito ginagamit upang maka-detect ng yabag o footstep ng multo! Ito ay ginagamit namin sa paligid ng mga machine na nagre-record ng mga measurement sa paligid. Para saan pa ito? Upang

malaman namin na walang taong lumapit o nag-tamper ng machine o tools.

Plastic dome—kadalasang ginagamit upang pantakip sa mga trigger object experiments upang maiwasan na rin ang tampering. Kung ang trigger object ay magaan at madaling magalaw, ang plastic dome ay nakakapigil sa paggalaw ng hangin dito.

Wristwatch o **timer/relos—**siyempre dapat may orasan kapag nag-iimbistiga para ma-log lahat at malaman kung break na at kakain na ng corned beef at scrambled egg dahil inumaga na sa pag-iimbistiga!

Notebook at **pen/s—**para sa documentation at para na rin masulat ang mga io-order kapag breaktime na. Baka ayaw ng corned beef at scrambled eggs at ang gusto ay tapsilog!

Silva compass—upang malaman kung may magnetic disturbance ang paligid. Ang paggalaw ng needle ng compass nang walang ibang dahilan ay maaring indicator ng anomaly. Sana maituro rin nito kung saan bibili ng corned beef at tapsilog!

Dowsing rod—tinatawag rin na diviners rod. May Y-rod at may L-rod. Ang Y-rod ay kadalasang ginagamit sa pag-detect ng tubig sa ilalim ng lupa. Ang L-rod ay ang madalas kong gamitin para mag-locate ng mga tubo ng tubig o poso negro sa ilalim ng bahay. Kung tutuusin ay isa itong “psychic tool” na gumagamit ng sarili natin kakayahan upang makasiguro sa isang bagay.

Motion detector—may mga motion detector na mura at mayroon namang mahal. Ang ginagamit namin ay 'yung mura lamang. Ito ay kadalasan ginagamit sa mga hagdanan at pintuan upang malaman kung may dumaan. May sensor ang sa 'kin nito at tutunog ang sensor kahit malayo ako.

Flashlight—mainan na may red na filter sa lente nito.

Isang third generation multi-tasking night-vision scope with 3D target plotting and tracking—nabibili ba ito dito sa Earth o kailangan pang pumunta sa Intergalactic Black Market?

Sa tagal ng panahon ay naging importante na rin ang **two-way radios** para may komunikasyon sa isa’t isa. Mahirap na baka kailangan ng backup ng isang kasama dahil niyayaya siya ng isang duwende mag-date sa Greenbelt! Sama kami lahat dapat!

Ang **first-aid kit** ay kailangan din. Sabi ko nga kanina ay baka may magyayang duwende ng date at gusto ng kiss!

Importante rin ang pagdadala ng extrang **damit** at **inumin o pagkain** upang mabuhay. Minsan ay makakakita o makakarinig ka ng kung anu-ano kapag gutom ka.

Ψ

Ang Paranormal Investigator/ Researcher

Hindi lamang hilig at paniniwala ang basehan ng isang Paranormal Scene Investigator or PSI. Mas mainam para sa 'kin ang skeptic o hindi agad naniniwala sa paranormal o supernatural nga ang kaganapan. Laging niyang iniisip na may matino at scientific (or psychological) na basehan ang mga anomalya na ito. Mahirap rin naman na wala kang hilig sa paranormal at pag-iimbistiga dahil sa simula pa lang ng kaso ay tatamarin ka na at malamang "jaded" na or biased lahat ng gagawin mo. Kailangan ng malawak na unawa sa kaganapan lalo na sa siyensiya. Hindi ko agad sinasabing *"there is no ghost."* Ang sa 'kin ay kung wala ngang evidence ng manifestation or apparition ay bakit nyo ito nakikita o nararamdaman. Para sa akin ay hindi sapat ang paghinto lamang na wala ngang multo o paranormal. Mayroon pa ring dahilan ng kanilang nararamdaman. Masusing pag-aanalisa at matalas na pag-iisip ang kailangan.

Depende sa kaso ng iimbistigahan ang team na dinadala ko. Mainam na may in-house na sumusunod:

- **Psychologist**
- **Doctor/nurse**
- **Electrician**
- **Architect o engineer**
- **Chemist**

Iyan ang Voltes Team! Minsan ay kinakailangan ng ekspertong opinyon ng mga geologists, physicist, tubero at maging ng isang reliable psychic.

Hindi ko inaalis ang findings ng isang psychic lalo na kung ito ay reliable at hindi eklat lamang. Malaki ang naitutulong nito lalo na sa pag-solve ng mga puzzle (at libreng hula sa love life at career) na hindi maitugma ng evidence. May mga bagay na hindi kayang ma-detect ng mga tools at kailangan ang psychic ability upang masinop na mapag-aralan. Bagama't hindi final ang sasabihin ng isang psychic ay itutugma ito at titignan kung may basehan sa mga findings. Kung lahat ng findings ay sobrang salungat at walang ebidensiya ay bigyan na ng pamasahe pauwi ang nasabing psychic!

Bakit ba kailangan pa ng psychologist, electrician, tubero, at iba pa? Kahit ako ay aaminin ko na may mga bagay na lumaglagpas sa aking paningin o pagsusuri. May mga bagay din akong hindi masyadong alam (Konti lang 'yun tulad ng automotive mechanics. Hehehe.). Ang mga taong iniimbestigahan o ini-interview ay pinamamahala ko na sa psychologist ang pag-aanalisa. Kumbaga, kung ano ang field mo dapat ay doon ka. Minsan ay gusto rin naman pumapel ng psychologist bilang psychic o tubero. O tubero bilang psychic, bakit hindi? Lahat ng mga prelim at paunang mga imbestigasyon ay sinusuri ng agad at may brainstorming o troubleshooting at problem diagnosis now and then.

Ψ

Skill description

Ang skill o expertise ng isang tao ay ginagamit sa pag-iimbistiga ng isang paranormal case upang

suriing mabuti kung ano ang kadahilanan ng anomalya. Ginagamit at hinahalo nila ang kanilang kaalaman upang mapag-aralang mabuti ang kaso.

Psychologist—taga-analyze ng mga interviewee at mga sagot nito. Kung ang tao ba ay may sayad (sad to say it) lamang at saan nagmumula ang sinasabi nito. Berdugo ng mga interviewee. Hindi niya sinasabing hindi totoo ang nakikita o nararamdaman ng tao. Ang sa kaniya ay ano ang dahilan ng nakikita o nararamdaman ng tao. Kung kinakailangang gumamit ng lie detector test, bakit hindi?

Doctor/Nurse—taga-check rin ng interviewee lalo na sa mga kaso ng possession at nakatutok sa mga physical changes na nagaganap sa tao. May mga ilang kaganapan na ang akala natin ay imposibleng magawa ng isang tao. Kapag may nahihilo rin dahil sa gutom o nasugatan kung saan dahil malikot, lilinisin niya ito at lalagyan ng dressing saka ng band aid. Dressing? Ang alam kong dressing sa salad lang.

Electrician—taga-check ng mga wiring sa plano ng bahay. Kung saan may sala-salabat at may maling connection. Mga transformer at condenser sa poste ng kuryente. Tagalagay ng mga wiring ng gadgets at tagabitbit madalas ng mga gamit ko (hehehe). Kadalasan siya rin ang nakukuryente!

Architect o Engineer—taga-check ng bahay (alangan namang tagaluto namin ng pagkain), mga posibleng dahilan ng mga anomalies concerning sa bahay. Ang historical background, mga poste, bubong, kisame. Susuyurin niya ang plano at

maghahanap ng dahilan kung bakit may mga sinasabing paranormal at kung paranormal nga ba.

May mga cases ng yabag sa second floor na naririnig kapag malapit nang humapon tulad mag aalas-sais. Imbestiga ang architech. Nakita agad niya na panay malalaking wooden planks ang sahig. Ang kahoy kapag may changes ng humidity at temperature ay nagre-react at minsan ay may tunog na nagagawa na parang sa yabag ng tao. Napansin din na ang mga pondasyon at koneksiyon ay mangilan-ngilan at loose na rin.

May alam din sila sa electrical at geological stuff. Ang mga ganito ko sa team ay tinuturuan ko ng esoteric architecture (feng shui) upang makadagdag sa kanilang kita (hehehe penge balato!).

Chemist—ang mga sumusuri ng mga maliit na bagay at kung anu-anong chemical na maaring dahilan ng anomaly. Kung may “ectoplasmic residue” ay siya rin ang sumusuri (eeeww). Kung ang tao ay possessed at sumuka ng green, pinapa-analyze ko kung ano ang component ng green na 'yun. Bagamat sinasabi ng mga tao na hindi naman daw kumakain si Linda Blair ng isang linggo kaya imposibleng sumuka ito. Napadami ang kain ng pechay at malunggay. Maraming dahilan—food poisoning, appendicitis, bulimia, etc. Mas nakakabahala ang possessed ng pinagbabawal na gamot! Kapag tinanong mo ng “Sino ka?” sasagot agad ng “Si metamphetamine hydrochloride!” Lagot! Sumusuka rin ng green kapag nag wi-withdrawal o overdosed na siya. Tsk, tsk, tsk!

Minsan sa isang kaso ng “aswang” (pinatulan ko rin dahil sa kagustuhang matuklasan at mapag-aralan) ay sinasabi nilang may dumapo na aswang sa isang puno. Hindi lamang isa o dalawa ang witness, marami sila. Inimbestigahan ang puno kinabukasan. Siyempre hindi ng psychologists o architect, not unless sasabihin namin na lahat sila doon ay may topak o hindi tama ang ayos ng bubong, lagot! Pasok ang chemist. Kuha ng sample dito at doon (parang CSI). analyze. Compare compare. Nagtataka siya dahil bakit ang ilan sa mga specimen ay may presence ng anti-coagulating agent na hindi present sa ibang puno na kapareho nito sa paligid. Exciting!

Minsan naman ay may isang kaso ng dalaga na sinasabing may “ectoplasmic residue” palagi sa cabinet niya. Imbestiga! Ayun, 'di siya ectoplasmic residue! Walang dapat ikatakot! Kausapin ang kapatid na binatilyo. 'Di na-prelim maigi ang kaso. Langhiya!

Hindi naman kinakailangang isa kang propesyonal upang maging PSI. Kahit na ba ordinaryong tao ay maari maging researcher. Mapanuring isip, may interes, dedikasyon, at respeto sa ginagawa. Ito ay mga essential katangian ng isang PSI.

Paano dapat mag conduct ng imbestigasyon

NOTE: *Tiyakin na may written consent ang may-ari o taong nagpapaimbestiga at may waiver o kasunduan na pipirmahan. Ito na rin ay upang makaiwas sa mga bagay na hindi na saklaw ng imbestigasyon.*

Ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga bagay na dapat tandaan sa pag-iimbestiga ng paranormal occurrence.

First Part ng Imbestigasyon

I. Dapat ay may preliminary investigation sa mga sumusunod:
   a. Taong involved
   b. Taong kakilala ng involved
   c. Mga nakakaranas ng occurrence
   d. Kung kinakailangan pati mga kapitbahay, bakit hindi? Ngunit tawagin sila kung kailangan lamang.

Ano ang mga inaalam sa mga taong ini-interview?

1. Psychological background
2. Emotional background
3. Medical background
4. Social background

Dahil na rin baka sa nagpapansin lang ang interviewee at gumagawa ng kung anu-anong papansin. Ang iba naman ay marami lang pera at nagloloka-lokahan.

II. Preliminary investigation ng lugar.
   e. Historical Background
   f. Geological site
   g. Architectural
   h. Electrical
   i. Floor plan

Tandaan din na kung mag-iimbestiga na ay dapat nasa tamang framing ang pag-iisip at emosyon. Kung maselan ang kaso ay dapat sundin ang mga sumusunod:

1. Huwag magpapabango bago mag-imbistiga.
2. Kumain muna para hindi gutom habang nag-iimbistiga. Kasi minsan ang kulo ng tiyan baka akalain na may tunog o spirit nagsasalita.
3. Kung kinakailangan, magsuot ng gloves.
4. Palagi dapat may kumukuha ng mga litrato.
5. Kung buddy system tiyakin na konti lamang ang bilang ng tao sa isang location.
6. Kung singular investigation, tiyakin na may two-way radio at may dalang videocam. Pero mas mainam ang buddy system.
7. Lahat ng gagawin ay dapat ipagbigay alam sa nagsu-supervise at sa lahat ng kasamahan.
8. Alamin sa may-ari ang mga bagay na hindi pwedeng pasukin o galawin. Kung kinakailangang pasukin ang isang private location ay isama ang may-ari ng bahay o may-ari ng kuwarto o location.
9. Importante ang pagkuha ng mga initial readings at pag-compare nito sa mga succeeding readings.
10. Kung sumakit ang sikmura, ulo, at nasusuka sa isang location, lumayo muna ito sa lugar na iyon at ikunsulta agad sa mga kasama at nagsu-supervise.
11. Iwasan ang pagkain habang nag-i-imbestiga at huwag sa location na iniimbistigahan.
12. Makinig sa nagsu-supervise.

13. Huwag matigas ang ulo.
14. Huwag kukuha ng souvenir sa location na iniimbistigahan. Magpaalam, malay mo baka payagan. Kung ang bagay na ito ay dapat imbestigahan, magpaalam sa may-ari.
15. Huwag magyoyosi habang nag-i-imbistiga (exception ako! Hahaha!) baka pagkuha ng pictures eh mapagkamalang ectoplasmic residue.
16. Panatilihing tahimik habang nag-i-imbistiga.
17. I-test muna ang auditory capacity ng bawat location. Sa loob ng kuwarto ay magsalita habang nasa kabilang kuwarto ang isang kasama. Sa labas ng bahay o bintana, sa lahat ng lugar, mag-auditory test.
18. Kunin ang initial readings ng normal ang paligid tulad ng bukas ang TV, radio, electronic at electric appliances.
19. Kunin din ang reading kapag naka-off ang lahat ng gamit at main power switch.
20. I-off ang cellphone habang nag-i-imbestiga at kung gagamit ay lumabas ng bahay.
21. Kapag hindi ginagamit ang mga gadgets at tools ay tiyaking ang mga ito ay naka-off at malayo sa ibang gadgets na naka-on.
22. Isulat sa notes ang mga personal na nararamdaman aside sa mga readings.
23. Kung papaano dinatnan ang lugar ay ganun din iiwanan.
24. I-explain sa lahat ng taong-bahay ang gagawin.
25. I-check ang luminosity ng mga ilaw sa labas ng location lalo na 'yung outside source of light tulad ng ilaw ng poste, ilaw ng kapitbahay, ilaw ng kotse kung may dadaan.

26. I-check ang vibration ng lupa kapag mlapit ito sa mga kalye o highway na daanan ng mga truck o kahit anong sasakyan. Mainam gamitin ang tilt-meter o kinetic bell.
27. I-synchronize ang mga orasan ng bawat PSI.
28. I-check ang mga hinges ng lahat ng bintana at pintuan, pati mga cabinets.
29. Maging maingat at hindi personal sa mga interviewees.
30. Kapag ang kaso ay may personal kang attachment, mabuting huwag ng sumali sa imbestigasyon.
31. Kung mag-o-overnight ay tiyaking may mga personal kang mga dalang gamit gaya ng mga toiletries. Huwag manghiram ng brief o t-shirt sa may-ari ng bahay na iniimbestigahan.

Sample Case 1
Name: *Rosalyn Tiu*
Date: *June 5, 2005*
Attending P.I. – *Ronnie Garcia, Erick del Rosario, Ruel Ruiz*
Case Description**:** *Haunted place*
Mission: *Alamin at imbestigahan kung paranormal ang mga nararamdaman at nakikita sa lugar ni Rosalyn Uy. Paano susulosyunan:*

- May mga multong nananakit sa katulong.
- Isang multo ng lalaki na may edad.
- Mga shadow people na madalas makita.
- Multo ng isang babae.
- May mga nagpapakitang multo sa iba pang trabahador.

- May nakunan na orb sa isa sa mga hagdanan at sa paligid nito.
- Nauubos ang shampoo kahit walang gumagamit.
- May mga naririnig na ungol sa gabi.

Nakatanggap kami ng isang text message na nagtatanong kung pwede kong tingnan ang house nila dahil may mga paramdam daw na nagaganap dito. Natatakot na rin daw ang mga househelp at mga tauhan niya.

Isang maiksing pre-interview ang ginawa ko sa telepono upang makasiguro na hindi ito isang prank call lamang at kung seryoso bang talaga ang caller na ito. Nagpakilala siya bilang si Rosalyn Tiu (hindi niya tunay na pangalan) at pinag-usapan namin kung kailan pwedeng gawin ang imbestigasyon. Nagkaroon ng kasunduan at may schedule na ng pagdalaw. Isinama ko ang mga sumusunod na Senior Paranormal Investigator ng Magick Grove na sina Erick Del Rosario at Roni Garcia.

Nakita namin ang establishment at ito pala ay isang malaking supplier ng gamit. Ibig sabihin marami siyang tauhan at busy palagi ang lugar na iyon kapag umaga. Pina-interview ko muna si Rosalyn kina Erick at Roni habang ako ay nasa labas at tinitingnan ang location, situation, at possible cause ng mga pagpaparamdam.

Along the road ng Avenida Rizal ang tindahan, may LRT sa harapan. May isang poste ng Meralco sa kanto na may dalawang transformers at may lumang motel sa tabi nito.

Pumasok na ako sa loob at kinausap si Rosalyn. May mga pictures siyang pinakita sa amin na may mga orbs daw noong naglipat sila sa lugar na ito. Ang mga orbs na sinasabi niya ay pawang mga dust particles lamang at wala doon ang paranormal, liban na lang sa isa na nakunan sa mismong bahay niya na hindi naman doon mismo sa tindahan niya. Pumanhik kami sa itaas at ipinatawag ko ang mga taong involved sa mga pagpaparamdam. Inutusan ko sina Erick at Roni na i-occular ang itaas sa mga possible source ng anomalies. Habang kausap ko isa isa ang mga tao ay nakita ko na serious silang lahat sa kanilang naramdaman at bagama't may takot ay kailangan nilang magtrabaho. Isa sa mga involved ay si Dana. Kakapasok pa lang ni Dana kay Rosalyn bilang isang househelp. Siya na yata ang may pinakamaraming paramdam sa lahat ng mga subjects. May mga 3 months pa lamang si Rosalyn sa lugar na iyon pero marami na siyang nararamdaman. Bakas sa mukha ni Dana ang problema sa buhay at ang pagkalungkot. Doon ako nagtuon ng pansin sa emotional at psychological background ni Dana. Sa aming session, maraming lumabas na mga issues sa buhay ni Dana, mga masasakit at mapaklang nakaraan. Pagkatapos ng mga interview ay inupuan namin nina Erick at Roni ang kaso.

Alam na kaagad namin na simula nang dumating si Dana ay tumindi na ang mga paramdam (telepathic infection). Sa kuwartong sinasabing madalas makita ang babae at lalaking multo ay doon mismo sa malapit sa transformer ng poste. Sinabi ko na kanina na ang mga electrical impulse na ganito ay

maaaring mag-cause ng mga frequency na madalas makaramdam tayo ng tila may nagmamasid sa atin o may kasama tayo sa isang kuwarto. Doon din sa kuwartong iyon namamalagi si Dana.

Bukod doon ay mga common na misinterpreted occurrences lamang at wala talagang multo na masasabi naming may haunting! Sinabihan ko na lamang si Rosalyn na palaging i-counsel si Dana upang hindi ito malungkot at ilipat ng kuwarto. Wala sila dapat ikabahala dahil hindi ito isang haunted house. Laking pasasalamat nila nang malaman nila na wala palang maituturing na panganib na supernatural sa kanilang lugar. Nag-advice na lamang kami ng ilang mga paraan para hindi makaapekto masyado ang mga disturbances na ito sa kanila.

Ang mga kasong ganito ay hindi na kinakailangan ng mahabang imbestigasyon.

Findings:

- *May mga multong nananakit sa katulong*.

Ito ay dahil na rin sa subconscious manifestation ng mga galit at angst ni Dana sa kanyang nakaraan.

- *Isang multo ng lalaki na may edad.*

Ito ay dulot na rin ng electromagnetic disturbance ng paligid na kung saan siya natutulog at nararamdaman na may tila nagmamasid o kasama siya sa kuwarto. Ang mind po ng tao ay gagawa ng mental figure o thoughtform upang bigyan ng angkop na imahe ang nararamdaman.

- *Mga shadow people na madalas makita.*

Normal ang mga ganito at kadalasan naman ay hindi ma-classify na harmful o haunting. Minsan ay dahilan na rin ng tinatawag natin "entoptic phenomenon" na akala natin ay may shadow na dumaan. Basahin ang entoptic phenomenon mamaya upang lubos na maintindihan.

- *Multo ng isang babae.*

Tulad na rin ng sa kaninang multo ng isang lalaki. Ito ay madalas makita sa banyo na kung saan ang electrical wiring ay hindi lamang exposed pero sala-salabat pa. So ang feeling na may presence ay naroon.

- *May mga nagpapakitang multo sa iba pang trabahador.*

Telepathic infection. Kapag naikuwento na ng isa sa iba ay magkakaroon ng mental imagery at maaring kaunting bagay lamang o gulat ay i-classify na nilang multo.

- *May nakunan na orb sa isa sa mga hagdanan at sa paligid nito.*

Ito ay mga dust particles lamang

- *Nauubos ang shampoo kahit walang gumagamit.*

May mga bagay na tulad ng shampoo o lotion na pressurized. Kung ito ay nasa aircon o malamig at biglang iinit ay maaaring may back-flow na maganap. Lalo na kung mataas ang alchohol content.

Walang sapat na ebidensiya na may paranormal sa mga ito. Not unless ang multo ay naglalandi at naglo-lotion!

- *May mga naririnig na ungol sa gabi.*

Isa lang ang dahilan sa phenomenon na ito. Ang motel sa tabi.

Wala nang paramdam o takot sa kanilang lahat noong ma-explain ko ang mga kadahilanan. Hanggat kaya ma-explain ng paranormal investigation ay ginagawa namin ito. Ngunit may mga panahon na talagang paranormal at supernatural ang kadahilanan at kinakailangan ng psychic investigation upang lubusang malaman ang dahilan ng anomalies.

Case closed. Send in the bill!

Case sample 2
Name: *Danica Edrosa*
Date: *November 10, 2005*
Case description: *Alleged Possession*

Nakatanggap kaming ng isang tawag mula sa isang nagngangalang Cecile. Ikinuwento niya na ang kapatid daw niya ay napo-possess. Ilang beses na naming sinabi na mas maigi kung dalhin na lamang sa center ang kanyang kapatid upang maimbestigahan kung ito nga ay totoong possession. Lumipas ang maraming linggo bago nadala si Danica sa amin kasama ang kanyang mga magulang at ilang kapatid. Nagkataon naman na wala ako noong mga oras na 'yun at nasa Baguio para sa isa ring kaso na dapat imbestigahan. Sumalubong kina Roni, Erick at iba pang mga

instructor ang isang teenager na nagwawala na mala -Linda Blair. Nakatanggap ako ng text messages sa kanila na nagwawala raw ang babae. Sabi ko eh, anong magagawa ko, kaya na nila 'yun. Nagawang i-pacify nila ang babae at minabuti nilang pabalikin na lamang pagdating ko. Kinuhanan na nila ng prelim at nagpa-schedule ulit na babalik.

Ang lamig ng Baguio, nakabili ako ng strawberries at ube mula Good Shepherd. May mga mangilan-ngilan din na t-shirts at jacket mula ukay-ukay! Balik Magick Grove Center ako. Kinuwento nila sa akin ang nangyari.

Bumalik ang pasyente at pina-interview ko muli sa kanila. Sina Roni, Erick, JP, at ilan pa sa mga seniors ang nag-handle ng kaso habang ako ay nanood lamang sa kanila. Minabuti ko nang sabihin na i-*jump start* (isang proseso ng pag-induced trance) na lamang ang pasyente upang maunawaan nang lubos. In short, sinapian ang girlaloo. Binulungan ko ang pasyente na nakatitig sa akin ng masama na mala-Linda Blair at sabi sa akin ay, “Hindi mo ko kaya! Bwahahahaha!” Pabulong kong sinabi na “Sige, makikipaglaro ako sa 'yo, sasakay ako sa drama mo, 'neng, para hindi ka mapahiya.”

Ako na ang nag-handle upang maiwasan ang ilang mga bagay na dapat iwasan. Naglagay ako ng compass sa malapit, kung bakit ay idi-discuss ko mamaya! Narito ang ilan sa transcription ng naganap. Ang complete video nito ay available for viewing! If symptoms persist, consult your doctor!

Date: *November 15, 2005*
Place: *Magick Grove Center*
Time: *6:15 p.m.*
Case Supervision by: *Ruel Ruiz (steve)*
Attending Instructors: *Roni Garcia (Big Bert), Erick del Rosario(mark), JP Tanchanco(Little john), Samara Ybay(Jamie). Voltes team.*
Tool/s used: *Compass*
Mission: *Alamin kung paranormal at bigyan ng solusyon ang kaso ng possession ni Danica.*

Ruel:	Sino ka po?
Pasyente:	Ikaw, sino ka? Hindi mo 'ko kaya!
Ruel:	Ako po si Steve ng Voltes Five. Sino ka po ba?
Pasyente:	Bakit?
Ruel:	Sino ka nga po?
Pasyente:	Kukunin ko siya!
Ruel:	Sino ka ba? Bozanian ka siguro noh?

Mahinahon ako noong umpisa at pa-demure effect. Magwawala ang pasyente! Posisyon agad! 'Di niya magawang manakit at magwala dahil naka-*Ruel's-one-of- a-kind-anti-hysterical-slash-possessed-lock-posture* siya! Hehe!

Pasyente:	Bakit ba? Bakit ka nakikialam?
Ruel:	Lumapit sa akin para magpagamot. So gagamutin. Sino ka?
Pasyente:	Kukunin ko siya! Hindi mo 'ko kaya! Bwahahaha!
Ruel:	&^@%#^! Hindi mo ba nakikita ang posisyon natin? Anong hindi kaya? Manood ka!

Start na ng OST ng Voltes Five dito! Taratataran tan-tan! Wasiwas dito at wasiwas doon. Pinaikot na parang trompo sa lapag. Binigyan ng Voltes bazooka at chain knuckle! With all care and ingat siyempre.

Magwawala muli! Ginawang basahan siya sa lapag. Punas ng pawis ko si Samara bilang si Jamie! Parang isang surgeon na may operasyon!

Pasyente:	Ma! Tulungan mo ako! (boses ni Danica ng normal)
Mama:	Lumaban ka, anak! Kaya mo 'yan! Labanan mo ang masamang espirito!
Ruel :	Hoy! ^%$@%$! Ano? Ano na?
Pasyente:	Aalis na 'ko! (modulated voice na parang voice talent ng Hero TV)
Ruel:	Hindi ka aalis!
Pasyente:	Hindi ko na siya kukunin!
Ruel:	Aba hindi! Kunin mo siya! Sabi mo kukunin mo siya!
Pasyente:	Huh?
Ruel:	%^$#%$#! Kapag hindi mo siya kinuha, ikaw kukunin ko! Humanda ka!
Pasyente:	Hindi ko na siya kukunin. Iiwan ko na siya!
Ruel:	Sabi mo kanina kukunin mo, ngayon hindi? Ano ba talaga? %$#@%$ ka! (Ultramagnetic-volt!)
Pasyente:	Hindi na po!
Ruel:	Huwag mo 'kong gagaguhin! 'Di mo ba nakikita na naka-FCUK ako at D&G na salamin? &^$%$#$# ka! Istorbo ka sa buhay ko eh! (Laser Sword!)

Pasyente: Aalis na po ako! Parang awa niyo na . . .

Ruel: Papano kapag bumalik ka at guluhin mo ulit si Danica? %$#%# ka!

PAsyente: Pangako hindi na 'ko babalik!

Ruel: Akala ko ba hindi kita kaya at may patawa-tawa ka pa? %$#^%$# ka pala eh! Sabi nila kahit daw 10 na tao, pinapatalsik mo sa lakas mo. Bakit ngayon parang kang uod diyan na kikisay-kisay! Bwahahaha! (Parang ako na ang may sapi! Ang time-space warp! Ngayon din!)

Pasyente: Parang awa na! Hindi ko na siya guguluhin pang muli! Hirap na ako!

Ruel: Ang labo mo, dude! Wala kang kuwentang ka-sparring! %^$#%^ ka! (Voltes Fivah!)

Sa oras na ito ay binulungan ko muli ang pasyente ng isang personal na bagay na sa sobrang personal ay hindi ko na ilalagay dito. Basta ang sinabi ko lang sa kanya ay magpakatino na siya upang 'di maulit ang ganitong pangyayari at baka mapahiya lang siya.

Pina-***pagpag*** ko si Danica (***pagpag***- isang proseso kung saan ang consciousness ng isang tao ay magkakaroon ng shifting from an altered state to a regular waking state). Bumalik na siya sa normal. Tinawag ko ang mga magulang at kapatid upang magyakapan. Pang-drama ito! Pina-assure ko ang pagmamahal ng bawat isa at kalimutan na ang naganap. Pina-counsel ko kay JP ang pasyente at bigyan ng SMT (spiritual mind treatment) upang maunawaan niya ang nangyari sa kanya habang

kausap ko naman ang mga kapatid at magulang nito.

Sa madaling salita ay natapos ang kaso. Mula noon at hanggang ngayon ay hindi na muling sinumpong si Danica dahil alam niya na dadalhin siya sa 'kin kapag nangyari itong muli at sa gitna ng kalye ko siya gagamutin 'pag nagkataon. Kakahiya kaya 'yun! Hehehehe!

Conclusion:

Mula sa prelim at mga interviews ay napag-alaman na halos lahat silang magkakapatid ay walang nasunod sa kanilang mga gusto sa buhay (kahit legal na gimik ay hindi pwede). May mga emotional at family problems ang bata, pati sa school. Sa counseling ni JP ay inayos lahat ito at pinaliwanag nang maigi kay Danica kung papano mag-handle ng problema at emosyon. Walang sapi si Danica na outside entity. Ang sumapi sa kanya ay mga pinagsama-samang mga problema at angst sa buhay niya na hindi niya na-express nang tama. Ayun sumingaw bilang isang sapi!

Halos lahat ng mga napo-possess ay may emotional imbalance sa buhay. May mga problemang hindi kayang harapin ng normal na katinuan kaya bilang nature ng isip ay gumagawa ito ng outlet.

Bakit kailangan ko pang idaan sa proseso ng totoong pag-handle ng possession? Kailangan ay tanggapin natin kung papano sa isip ng isang tao kung papano siya gagaling. Maraming mga kaso ay hindi supernatural pero ang paniniwala nila ay ito

ay supernatural at kahit anong paintindi mo sa pasyente ay hindi niya ito mauunawaan. Salubingin mo ang tao ng kung papano niya ito matatanggap. Tulad ng kay Danica na alam kong hindi authentic na possession ay pinagbigyan ko pa rin. Kaya nga binulungan ko siya na makikipaglaro ako sa laro niya. Ito na rin ay upang hindi mapahiya ang bata at hindi magawang mag-deny ng isip niya sa proseso ng gamutan. Tinanggap niya ang solusyon sa level ng problema, kaya ayun, wala ng source ng problema. The consciousness will heal the only way it knows how! The explanation is the cure!

Ngunit pagkatapos mong magsayaw sa tugtog ng pasyente ay siya naman ang sasayaw sa tugtog mo at ikaw naman ang mag le-lead nito. Ipaunawa ang source ng problema at ang mga ilang kadahilanan nito. Kung gagawin natin ito agad nang walang pagtanggap ng pasyente ay magiging useless lamang lahat at magkakaroon muli ng mga attacks ang taong may problema.

Paano ko nalaman na wala talagang possession ng entity na nagaganap? Mula pa lamang sa preliminary interview ay may hinala na agad ako. Sa emotional at family background pa lamang ay klaro na na hindi ito entity. Ang compass na nakalagay sa ilalim ng pasyente habang sa proseso ng jump-start ay hindi nag-react. Meaning, walang electromagnetic fluctuation. Kahit ang paligid at atmospheric condition ng kuwarto ay wala ring pagbabago. Kung ito nga ay authentic na “External Entity Possession,” may mga changes dapat sa paligid at may reaction ang compass kahit na maliit lamang. Huwag nating ipilit ang wala. That’s all folks!

Case sample 3
Name: *Isang abandoned hotel sa Baguio*
Date: *May 12-15, 2006*
Case description: *Alleged haunted abandoned hotel*
Place: *Dominican Hill, Baguio*
Time: *2 a.m. ETA*
Case Supervision by: *Ruel Ruiz*
Attending Paranormal Researchers/Investigators: *Ronnie Garcia, Erick del Rosario, Ricca Lazcano, Luigi Santiago, Bing "Vi" Piedad, Joy Ayco*
Guest: *Noel Escondo*

Isa na sa pinakamadalas ma-quest na lugar ay ang Abandoned Hotel na ito.iguro sa makulay na nakaraan ng lugar ng ito. Hindi mahirap puntahan kapag nasa Baguio ka na, mga P60 lang ang taxi mula sa plaza papuntang Dominican Hill.

Bilang parte ng training (at lagalag) ay nagkaroon ng immersion trip papuntang Baguio. Siyempre summer at bakasyon. Noted ang Baguio bilang maraming mga multo. Marami ka ng narinig na kuwento tungkol sa Teachers Camp, Camp John Hay, Loakan Road, Crystal Cave at ang Diplomat Hotel.

Mula sa pagiging monastery noong araw, naging hotel, naging hospital, naging kung anu-ano pa. Lumipat-lipat sa pagmamay-ari ng iba't ibang tao at administrasyon. Ngayon ay pag-aari na ng city government at ngayon ay open for public. Mas marami pa rin mga pumupunta doon dahil sa

pagiging haunted daw nito. Maraming mga litrato ang pinakita na sa akin at mga taong nakausap na may pagpaparamdam o haunting na nagaganap nga sa hotel. Kadalasan ang litrato ay hindi naman talaga paranormal o supernatural. Mga orbs na madami na akala nila ay ghost. Mga dew o small water particles po ito. Hamog o fog! Sa sobrang daming orbs sa pictures ay imposibleng hindi na ito maramdaman na may kakaibang presensiya nga sa lugar. Umuulan ng orbs ang ilan sa pictures na napakita na sa akin. Korek! Umuulan ng orbs, kasi po ang orbs na kinunan nila ay totoong ulan. Kung ito nga ay totoong mga ghosts ay tiyak ko na mayroong EDSA mumu power revolution na gagawin siguro ang mga ito sa dami nila.

Matagal na kaming magkakilala ng hotel na ito. Bago pa ang *Nginiiig*. Siguro ay mga pagkatapos ng matinding lindol noong 90s naging paboritong i-feature sa mga shows sa TV dahil na rin sa magandang structure at eerie feeling na para kang nag-time spacewarp 'pag naroon ka. Mahigit na sigurong walong beses ko na na-quest at halos kabarkada ko na nga ang mga mumu doon.

Pupuntahan namin upang dalhin ang PSI Team na ito for a geological and structural investigation.

Umalis ang team ng madaling araw ng Sabado. Mga 2:30 a.m. pumunta sa terminal ng bus sa Cubao, Edsa (mas madali mag-bus at hindi nakakapagod). Sumama sa amin ang close friend ko na si Noel Escondo (boses ni Zenki at marami pang ibang characters sa Hero TV). Ang kaganapan:

Day 1

- 7-8 a.m. dating ng Baguio/City Travels Hotel.

Favorite kong place na tuluyan sa Baguio. Likod lang ng Burnham at malapit sa lahat. Maganda at matino. Maayos ang service. Mura pa! Mabait pa si Ian! Discount ko!

- 9 a.m. - settle down (punta ako Mines View, bibili ng bracelet)
- 11 a.m.-12 nn - Lunch sa Gerry's
- 1 p.m.-3 p.m. - Ikot-ikot lang (ukay-ukay kami)
- 4 p.m.-5 p.m. - Pumunta ng Burnham Park

Boating sa Burnham Lake kahit malakas ang ulan. Kumain ng balot at taho na may strawberry-arnibal kahit sige ang buhos ng ulan.

- 6-7 p.m. - Balik hotel to rest, mamya na mag-dinner.
- 9 p.m. - Nevada Square for dinner. (Rumampa kami sa Friday's, thanks to Henry)
- 12:30 a.m. - Sa Nevada pa rin.

Iniwan ko mga kasama ko at bumalik ako mag-isa sa hotel. May sumpong ako noon! Nakalimutan ko na kung bakit! Basta!

- 12:30 a.m. to 1:30 a.m.

Pinapanood ko lang kung papanong buksan ng house keeper ng hotel ang pintuan ng room ko! Electronic lock kasi. Ayun nakiramay sa 'kin at nagloko. Isang oras bago niya nabuksan! CR na CR na ako noon at mainit ang ulo. Sa lahat naman ng pintuan na susumpungin ay sa 'kin pa! Dumating din ang mga kasama ko after mga 35 minutes nang hindi pa nabubuksan ang room ko. Nag-worry sa akin kaya raw sila bumalik agad. May sumpong lang ako noon. Grrrr!

- 2 a. m. - Zzzzzzzzzzzzzz

Day 2

- 9 a.m. - Gising-gising na
- 10 a.m. - Punta Mines View (ulit)
- 12 nn brunch sa Mines View (sarap ng papaitan, umuulan na naman)
- 1 p.m. - Balik hotel (lakas kasi ng ulan) naglaro ng strip-pitpitan!
- 2 p.m. – Abandoned Hotel na

Punta na sa pangugulit ni Luigi Santiago (hindi po ito 'yung director namin dati sa *Nginiiig* na pumanaw na, kapangalan lang po niya) na 12 anyos pero asal 30. Kulit! Napapanood niya raw palagi sa TV at sinasabing may multo. First time pala ni Luigi sa Baguio kaya parang excited sa lahat.

Taxi kami papanhik ng Dominican Hill, madalang ang sasakyan na pababa mula sa taas kaya sabi ko kailangan naming bumababa kaagad bago magdilim. Dumaan kami sa familiar roads sa akin papanhik ng Dominican (ginawa ko kasing palengke ang Baguio). Paghinto namin sa itaas ay

bumungad sa amin ang maayos ng gate at malinis na entrada. Nawala ang guard house na maliit sa kaliwa at mga basura! Hala! Anong nangyari?! May nakapaskil sa saradong gate na “PRAYER MOUNTAIN” OPEN UNTIL 6 PM ONLY. May isang van sa loob at kita na may ilang mga tao. Bakit sarado ang gate? Wala pa namang 6 p.m. ah? May biglang nagsalita sa itaas, dito po pasukan! Akala ko ay kapre sa puno na nag-part time bilang guard, 'yun pala ay naglagay sila ng guardhouse sa itaas. Nagpakilala ako at pinapasok kami sa loob.

Doon sa hindi pa nakakapunta sa hotel na ito ay iba na first hand mo makita at ma-experience ang ambiance nito. Siguro sa akin ay walang takot dahil na rin sanay na ako masyado sa lugar. Wala naman kasing dapat ikatakot! Napakagandang lugar nito! Gusto kong batiin ang mga multo, thoughtforms, at iba pa na naroon! Tulad ng mga sumusunod:

- 'Yung nakikitang paring nakaitim na pugot ang ulo.
- Ilang mga babaeng nakaputi
- May mga sundalong Hapon at Pinoy.
- May Amerikanong matanda na tila sundalo
- Dati daw may-ari ng hotel na pumanaw na.

Mga hindi ko kinaya na mga kuwento ng ibang tao na nakita raw nila;

- Tikbalang na nakabantay sa gate.
- Kapre sa gitna ng hotel sa may fountain area.

- Lalaking nakaitim na nanlilisik ang mga mata.
- May mabalahibong tila Bigfoot (pero spirit) na sumasama raw sa picture.

Eh kung sa eto nakita nila eh! Fine!

Immersion na. Kuwento na ng structure at history ng place. Pinaintindi na ito ay originally ginawa bilang isang monasteryo ng mga Dominikanong pari. Naglipat-lipat ng function sa tagal ng panahon. Dumaan sa giyera, sa mga bagyo, at lindol. Naging kontrobersyal nang gawing healing center.

Pinasok na namin ang loob at pinagmasdan ang structure nito. Maraming mga naiayos na at marami pa rin naman ang original. Makikita ang solid at tibay ng mga haligi nito. Mga posteng makakapal at 'di basta natinag.

Pinanhik namin ang pinakaitaas ng hotel. Konting picture taking at pina-survey ko ang surrounding environment. Pinag-aralan at nagmasid sila maigi sa location mismo ng hotel pati ang mga kalapit burol nito.

Bakit nga ba marami raw multo sa Baguio? May theory ako dito. Hindi dahil sa maraming namatay sa lugar na ito. Kasi kung 'yun ang dahilan ay dapat marami rin halos sa lahat ng lugar. Ang kamatayan ay hindi lamang isolated sa isang lugar ngunit mas marami pang mga lugar na maraming namatay pero wala naman kasing hype ng Baguio. Sa prinsipyo, ang malamig ay may contraction at ang mainit ay may expansion. Mas compressed ang

cold air kaysa hot air. Cold air goes down and warm air goes up. Mas solidified ang object, mas madali ang conduction. Mas madali mag-iwan ng imprints sa solid kaysa sa gaseous state. Halimbawa:

Ang finger prints natin ay nakukuha sa mga solid flat surface kapag hinawakan ito. Ang hangin at tubig kahit anong dikit mo ng kamay ay walang imprints na naiiwan (pero may naiiwang subtle vibration). Ang utak ay may vibration na ini-emit at bawat vibration na ito ay nag reverberated sa atmosphere according sa frequency nito. Kung ang atmosphere ay thicker o mas solid (dahil sa lamig at mas dikit-dikit ang molecular structure) mas madali ma-impregnate and atmosphere na ito. Kaya nga ba may mga objects na pwedeng gawan ng psychometry. Dahil ito sa mga imprints o vibration na naiiwan sa gamit. Sa principle ng new physics ay wala talagang state na solid, liquid, gas, at lahat ng bagay ay connected. Ang space in between ng mga solid ay hindi talaga “nothing” pero isang mass na nasa gaseous state. Lahat ay depende lamang sa vibratory frequency ng bagay na maaaring mabago o ma-influence din. So kapag inisip mo ay kung tutuusin lahat ng bagay ay nakasulat o “impregnated” sa atmosphere, sa mga lugar, lupa, bahay, hangin o lahat halos ng bagay. 'Yan ay theory pa lamang.

So, bakit nga ba maraming manifestation ng multo sa Baguio? Isa na marahil ay sa atmospheric condition. So kung may mga lugar o location na kahalintulad nito, malamang-marami rin manifestations.

Balik sa kuwento.
Alas-sais na at medyo madilim na. Kinailangan na rin naming umalis. Not to mention gutom na rin kami.

Walang taxi! Kailangan naming maglakad pababa. May naligaw na taxi at nakasakay rin kami.

A Tragic Accident

Layo ng nilakad namin pababa! Ayun sa wakas may isang FX taxi. 'Di pa kami nakakalayo ay huminto ang taxi namin sa isang tabi. Sa harap ako nakaupo, at sa isang iglap ay nakita ko magkasabay ang puting Adventure taxi na nag-skid at isang bata na tumalsik-lipad sa gilid ng kalye. Ang bilis ng nangyari. Napansin ko sa kaliwang side na tumatakbo si Roni at si Luigi, kasi walang dumampot sa bata noon una. Buti at bumaba ang driver ng Adventure at isinakay ang bata (mga 12 anyos) na duguan sa sasakyan niya at umarangkada papuntang ospital. Shocked si Noel sa likuran ko, kakabundol lang din kasi niya wala pang dalwang linggo ang nakakalipas. Nakuha naman ang plate number at na-inform ang mga kamag-anakan ng bata. Sana OK siya! At sana next time huwag siyang biglang tatakbo sa gilid ng kalye. Umulan pa naman noon kaya madulas ang kalye at pababa ito, nagawang mag-break ng nakabangga, pero nag-skid pa rin siya.

Naikwento lang. Anyway.

- 6 p.m. - Session Road Dinner
- 9 p.m. - Balik Hotel

Nawala ni Noel ang bagong necklace niya na may pendant ng Superman sa hotel. Hindi niya napansin agad. Bagong bili pa naman sa silver shop sa Mines View. Balik daw kami kinabukasan nang maaga sa Mines View.

- 12 mn - Gising pa kami lahat

Day 3

- 2 a.m. - Nag-coffee kami lahat sa Legarda sa may gasoline station. Pampaantok.
- 3 a.m. - Zzzzzzzzzz
- 9 a.m. - Mines View ako at si Noel

Bumili kami ulit ng kuwintas at pendant (pero hindi na Superman.) Nag-text ang kaibigan kong si Arthur Katipunan (dati kong Executive Producer na madalas kaaway sa work) na naka-stay sa Baguio. Niyaya ko mag-lunch. Tagal na rin kaming 'di nagkikita.

- 11 a.m. - Lunch sa resto ni Kidlat. Me, Noel, and Arthur K.
- 1 p.m. - Back to the hotel to prepare stuff for checkout.
- 2 p.m. - Went to Arthur Katipunan’s place in Celestial Hill.

Tinambak muna ang mga gamit namin kay Arthur Katipunan. Mamaya pa mga 8 p.m. ang alis namin kasi. Punta muna kami sa Crystal Cave!

- 3 p.m. - Crystal Cave

May mga nakakakilala sa akin sa Crystal Cave. Ang akala nila ay may gagawing shooting. Parang mga gamu-gamo na naglapitan ang mga bata at ilang may edad na. Tinatanong kung papasok kami sa loob ng kuweba. Nag-alok sila na dapat ay may guide kaming kasama. Gusto kong sabihin na "Neng, 'di pa uso guide ay memorized ko na loob nito kahit may blindfold pa!" Naunawaan ko naman na kailangan din naman nilang kumita. Pero aanhin namin ang 30 na guides! Madaming makulit! Lalo na 'yung may edad na babae, sarap bigyan ng *"Ruel's- one-of-a-kind-anti-hysterical-slash-possessed-lock-posture!"* Hindi ako kumikibo at nag-aaway-away sila. Kinausap ko 'yung isang batang guide at sabi ko ayusin nila at isa lang ang kailangan kong guide. Nagkasundo sila. Ang isang guide ay P100. OK na, malakas naman ang flashlight na dala niya. Kahit isa lang ang kinuha kong guide ay sumama pa rin ang marami dahil gustong malaman kung ano'ng gagawin namin (hehehe, ok, nakatipid!). Picture taking sa loob na kung saan sinasabi nilang hindi raw nade-develop o nasisira ang picture na basta doon kinunan. Wow! Malinaw ang pictures namin! Debunk!

- 6 p.m. - Balik Celestial Hill
- 8 p.m. - Departure from the bus terminal.

Paggawa ng conclusion

Sa mga imbestigasyong ginawa mula sa pag-i-interview ng mga subjects, pagtingin ng mga gamit sa bahay, at pag-alam ng background ng lugar ay dapat ilatag lahat ng mga evidence na nakuha. Sa mga ebidensiya na ito ay malaki ang kinalaman ng magiging resulta. Palagi tayong mag-rely sa mga ebidensiyang nalakap, at huwag na muna ang sariling kuro-kuro. Kung ang kaso ay may mabigat na ebidensiya na hindi paranormal ang sanhi ng mga anomaly ay suriin din ang mga bagay na sa tingin ng marami ay paranormal. May ebidensiya ka na na wala, pero ang pagsuri naman ng baka nga paranormal ay pag-troubleshoot lamang. Tulad na lang ng sinabi ko na kung ang subject ay lumulutang nang patayo ng 5 oras, puti lahat ang mata, malakas ang hangin sa paligid niya kahit siya ay nasa kuwarto, malamang paranormal ito! Anong malamang? Kundi 'yan paranormal eh si Storm 'yan ng X-Men!

Sa mga ebidensiya isulat at ihain sa grupo! Pag-aralan. Kumanta kayo ng tulad ng ginagawa ko. “Alin, alin, alin ang naiba, isipin kung alin ang naiba. Isiping mabuti, isipin kung alin, isipin kung alin ang naiba!” Salamat po sa Batibot! Ano ang kakaiba? Ihayag ang mga findings sa interview. Ihayag ang findings sa mga test na binigay, sa mga findings ng bahay! Mag-conclude ng positive ba ito sa paranormal o negative? Kung kulang ang sapat na ebidensiya maging sa paranormal o hindi ay gawin itong inconclusive at kailangan pa ng ilang mga imbestigasyon.

Sa akin, kung inconclusive ang isang kaso ay minamabuti ko na maglagay o mag-perform ng mga test. Testing ng subjects, ng lugar at maging

ng mga sinasabing anomalies na nagaganap. Ang una kasing bahagi ng imbestigasyon ay ang gathering of information at observation. Ito ay sinusuri na sa ganitong level. Minsan ay maari nang gumawa ng conclusion base pa lamang sa ganito, depende sa kaso. Kung hindi pa rin sapat ay maaring gumawa na ng mga hypothesis na maaring i-expose sa test na gagawin. Lahat ng test na ihahain sa subject at maging sa location ay dapat hingan ng pahintulot ang mga involved na tao dito. Ipaliwanag ang importansiya nito sa investigation na ginagawa. Kung ayaw nila ay wala tayong magagawa. Umisip ng iba pang paraan kung papano iha-handle ang kaso nang hindi kinakailangang gawin ang tinanggihang testing. Sumangguni ang ilan sa mga PSI o sa isang eksperto sa ganitong larangan (ehem) upang humingi ng second opinion o suggestion kung paano ito titirahin. Parang isang abogado na naghahanap ng mga dating kaso na kapareho ng kasong hinahawakan at titignan kung paano ito ginawa.

Isang paraan kung paano malalaman kung tapos na ang imbestigasyon at effective ang ginawang solusyon: 'yan ay kung wala nang manifestation!

May mga kaso na mabilis lamang; oras o araw lang ay nasusolusyonan na agad. Minsan kung ang kaso ay mahirap, maaring tumagal ng taon. Kadalasan ay kailangang sekreto ang ginagawang imbestigasyon at ayaw ipaalam ng nagpapaimbestiga. Kapag may nagtanong, sinasabi na lamang na may inaasikaso kaming business! Anong business 'yun? Magandang business, 'yung none-of-your-business business! Gusto mo sumali?

Ψ

Maraming mga tao ang kadalasan kapag may mga ganitong problema ay agad lumalapit sa isang manghuhula, feng shui expert, pari, psychic o maging albularyo. Hindi sa sinasabi kong hindi totoo ang mga ito. Narito ang ilan sa experience ng friend ko na mahilig mag-shopping ng paranormal at supernatural. Huwag po magagalit at observation lang.

Adventures ni Mrs. X!

Adventure ni Mrs. X sa manghuhula

Ang sa akin ay siyempre ang isasagot ng manghuhula ay tiyak hula lang. Kaya nga hula eh. Malay naman natin kung makatsamba diba?

Madam Bing: Saan mo gusto kita hulaan?

Mrs. X: Dito na lang po. Huwag na tayo lumipat ng lugar. Malayo-layo rin 'tong lugar niyo eh.

Madam Bing: Ibig ko sabihin san mo gusto sa baraha? Tarot Card? Palad? Kamay?

Mrs. X.: Madam Bing, taro po, silent ang t sa huli. Sige dun na lang sa tarut!

Madam Bing: Balasahin mo habang sinasabi mo pangalan mo at birthday. Ano bang pakay mo dito?

Mrs. X.: Hulaan po ninyo? Hehehe (pasaway).

Madam Bing: Sabi ng tarut, may problema ka, may mga problema ka na dati pero nasolusyunan naman ito.

Mrs. X.: Sino po kaya walang problema? Lahat po yata ng tao meron eh!

Madam Bing: May mga binabalak kang gawin sabi dito.

Mrs. X.: Pambihira ang galing niyo nahulaan niyo 'yun? Balak ko kasing itigil na 'to eh!

Madam Bing: Makakapag-abroad ka!

Mrs. X: Kakabalik ko lang po.

Madam Bing: May mga taong galit sa 'yo, mag-iingat ka.

Mrs.X.: Hala, galit na sa 'kin si Madam Bing, kelangan ko mag-ingat.

Madam Bing: Problema ang sinadya mo dito sa 'kin.

Mrs.X.: Mahusay! May nagmumulto po yata sa bahay ko eh.

Madam Bing: May kalaguyo ang asawa mo, kilala mo ito.

Mrs. X.: Hiwalay na po ako!

Madam Bing: 'Yung mga nararamdaman mo ay kulam ng kabit ng asawa mo!

Mrs.X.: Nagpapadala ng multo ang mangkukulam! Nagbubukas pa ng TV kahit walang tao!

Madam Bing: May sinasaniban ang espirito na kasambahay mo! 'Yun ang kalaguyo ng mister mo.

Mrs. X: Si Nanay Tuding! Palagi nga hong wala sa sarili 'yun at mabagal kumilos. Bata pa naman siya eh, mga 72. Saka hiwalay na nga po ako, 'di ba?

Madam Bing: May batang darating sa buhay mo.

Mrs. X: Batang jowa? Ok lang!

Madam Bing: Magtanong ka kahit sa isip lang.

Mrs.X: *Totoo kaya ang hula nitong manghuhulang ito?*

Madam Bing: Matutupad ang wish mo sabi ng baraha!

Adventure ni Mrs.X sa isang Feng shui expert

Feng Shui : masyalo negative ang chi na daloy dito bahay mo!

Mrs. X: Ano po dapat gawin?

F.S.E.: Lakay ikaw ng pakwa sa halap ng pinto pala taboy negative chi!

Mrs.X: Ano po dapat gawin?

F.S.E.: Inauspicious ang kuwalto pala sa 'yo! Pinto huwak dapat tapat-tapat."

Mrs.X: Sige po, ililipat ko sa bubong ang pintuan ko!

F.S.E: Lakay din ikaw nito pampasewelte sa nekosyo. Lakay mo ibabaw ng lamesa mo!

Mrs.X: In fairness maganda naman i-display! Panalo ka dito, F.S.E.

FSE: Lipat mo dito, lagay ng papel, sunok ng insenso at Kim. Nakmumulto ang lolo o lola mo dahil 'di ka alay pongkan at sapin-sapin!

Mrs.X: Si lolo at lola talaga oh! Nakuha pang kumain ng sapin-sapin pustiso na nga ang ipin eh! Nakakatuwa naman kayo Mr. Feng Shui Master, kahit na mas maitim at mas malaki pa mata nyo sa mga kilala kong Ilocano at Mangyan, Chinese pa rin ang accent nyo!

Siyempre para mas credible, 'di ba?!

Adventure ni Mrs.X sa isang psychic

Psychic: Nararamdaman ko sila! Ayan, lumalapit sila sa 'kin. May gustong . . . sabihin . . . babae siya, lalaki ata. Encanto ata. Parang bata . . . matanda . . . parang . . . medyo matanggad, pero hindi katangkaran. Hindi masyadong mataba at hindi rin payat.

Mrs.X: Langhiya! Sinabi mo na lahat ah, dapat lang makahuli ka na ng isda niyan! Hehehe!

Psychic: Parang ano, parang galit, pero nakangiti. Si ano raw siya si . . . si . . . si . . .

Mrs.X.: Si Nanay Tuding ko ba?

Psychic: Tuding, oo, Tuding nga raw pangalan niya! Nahihirapan na siya.

Mrs.X” Eh, buhay na buhay pa po si Nanay Tuding ko eh! Tatanong ko sana kung si Nanay Tuding ang may kilala sa inyo eh. Wala nga ho siyang ginagawa rito sa bahay eh nahihirapan pa pala siya! Hmp! Lagot siya pag-uwi! 'Di pa patay nagmumulto na! Pasaway!

Nabuko ka tuloy Nanay Tuding! Hehehe!

Adventure ni Mrs.X sa isang pari

Pari: Magmisa tayo at magbendisyon sa bahay. 'Yun ang mainam.

Mrs.X.: Mawawala na po ba ang mga masasamang espirito?

Pari: Walang imposible sa Diyos!

Mrs.X: Sa Diyos opo, eh sa 'yo Father, wala rin bang imposible?

Misa, wisik dito, wisik doon. Kandila at ronda sa loob ng bahay. Wisik pa rin. Kainan na tapos!

Mrs.X: Tinatablan ho kaya ng holy water ang “electromagnetic interference” na dulot ng transformer ng kuryente sa poste? Masamang espirito sa masamang wiring ng bahay ko? Pa-bless ko nga ang microwave oven ko para walang radiation! Bastus na bata talaga ako! Tsk tsk tsk! Mea Culpa!

Adventure ni Mrs. X sa arbularyo

Ka Loko: May duwendeng puti sa bahay mo kaya namamatay at bumubukas ang TV mo mag-isa.

Mrs.X: Ganun po ba? Nanood po ba sila ng National Geographic o Discovery, kasi dun ko madalas makita naka-on ang TV ko eh? Mababait ba sila?

Ka Loko: May kaharian sila doon mismo sa ilalim ng lababo mo! Ayaw nila ng nababasa!

Mrs. X.: Ang alam ko lang pong kaharian na meron dun ay kaharian ng ipis!

Ka Loko: Mag-aalay tayo ng manok na itim, kaning itim, kalamay na itim, itlog na maitim este itim, monggong itim, at putong itim.

Mrs.X: Tubig na itim po ba hindi? Baka mabulunan sila sa dami ng pagkain?

Ka Loko: Papaduguan natin tapos araw-araw mag-aalay ka na para hindi sila nagagalit! Babanggitin mo ang orasyon na ito: *Egosum Pactum Salvame Egosum* tuwing mag-aalay ka!

Mrs.X: 'Di po ba ang ibig sabihin ng Egosum Pactum Salvame Egosum sa English ay *I am Power Save Me I am?*

Ka Loko: Tapos kailangan mo ang mahiwagang banal na langis na ito. Ipapahid mo sa mga pangontra na ilalagay ko sa lahat ng bintana at pintuan mo! Dalin mo ito dahil ito rin ang pangontra na gagamitin mo tuwing aalis ka.

Mrs.X: Sana po magandang display ang mga pangontra ninyo ha? Kasi baka magmukhang kuta ng mga kulto ang

bahay ko sa daming nakadikit na latin at drawing eh. Johnson's baby oil ho ba ito? Parang ito 'yun mga pampa products sa Quiapo! Pamparegla, pampalaglag. Pampa! Nakalagay sa bote ng Tanduay eh, ang laki dalin sa bulsa ko, baka akala lasengga ako! P3,000 ang boteng ito? Mahiwaga nga!

Ψ

Isang Experiment sa Kaso

Minsan ay nagkaroon kami ng kaso ng isang multo na palaging nangkukulit. Nampo-possess, mischievous, at may poltergeist activity. Tinawag ko ang kaso na Isang Linggong Sapi.

Nagsimula raw ang pagsapi at pagbabago ng ugali noong naglaro sila ng spirit of the glass ng kanyang mga kaibigan. Mayroon daw silang nakausap na kung sinong spirit. OK fine. Nagbago ang ugali ni Shirley ('di niya tunay na pangalan) at sinasaniban na raw ito ng kung anong espirito. Imbistiga.

Ginawa nila ang spirit of the glass ng Linggo, sumanib ng Lunes, Martes may sanib pa rin, Miyerkules humingi ng tulong sa amin, Huwebes tinulungan, Biyenes tumino, Sabado balik sa dating katinuan.

Ang nakakapagtaka ay noong ginawa ang Psychic Investigation ay naririnig raw ng psychic ang salita ng multong si Ivan. Pina-jump-start. Pagdating na sa physical medium ay hindi nagsasalita at nagsesenyales lamang. Pipi ang multo! Kahit hindi pipi ang medium, pero 'pag pipi ang entity ay hindi makakapagsalita? Pag-aralan!

Marami na akong na-encounter na iba’t ibang mga possession. Mula sa elemental hanggang sa level ng mga angelic at deity. Pero kung ang isang taong pipi kapag namatay, pipi pa rin ba? Ang bulag, kapag namatay at nagmulto, bulag pa rin ba? Nalilimitahan ba ng physical attribute ng tao ang kanyang iba pang attributes? Pinag-aralan kong mabuti.

Simula tayo sa premise na ang multong ito ay effect ng dating tao. Ang taong ito ay pipi. Hindi porke pipi ay walang thought process. Kung baga sa radio, matino lahat ng parts pwera lang sa speaker! Kapag pinalitan mo ng speaker, maganda na ang tunog. Sa isang pipi walang diperensiya ang pag-iisip at mentalidad ang speaker niya lang ang may sira. So kapag sinabi nating namatay ang taong ito at nag-iwan siya ng imprints o multo, ang multo na ito ay maaring projection ng isang matinong isip at emosyon, wala lang speaker. So kung may sensitive (psychic) na makaka-tap sa frequency nito ay malinaw na maiintindihan ng sensitive ang ibig iparating ng entity. Kung ang entity ngayon ay ilagay muli sa isang speaker, 'di ba dapat tutunog ito? 'Yun ang dapat. Pero sa kasong ito ay hindi akma ang speaker sa radio. Muffled ang tunog paglabas sa speaker. Pero balik tayo sa bulag. Paano ang mga batang pinanganak

na bulag? 'Yung walang idea ng hitsura o form? OK lang kung nabulag at dating nakakakita at least may idea kung paano ang makakita. Pero sila? Malamang mag-rely sila sa information ng ibang senses at sabihin ng tao. Tulad ng ipasulat o iguhit sa kamay mismo nila. Ang isip naman ay kayang gumawa ng imahe. At hindi naman talaga ang mata ang nakakakita bagkus ay ang utak na nagta-translate nito. So kung ang mata o tenga ay instrument lang ng pag-gather ng information at ang nagta-translate ay ang utak o isip, ibig bang sabihin maaaring makakita o makarinig kahit walang gamit ng mata o tenga at utak lang? Ito ba 'yung 5th sense? Sa librong malapit ko ng matapos "Anatomy of a Psychic!" Kainis!

Ψ

Mga bagay na dapat din malaman

Belief at Expectation.

Maaaring makulayan ang resulta ng imbestigasyon depende sa paniniwala o expectation ng PSI. Kaya nga naniniwala ako na ang isang PSI ay dapat "totoong" skeptic—kaysa naniniwala o hindi naniniwala. Mainam na talakayin ang kaso nang may mga theories at background knowledge. Ang matinding paniniwala o hindi paniniwala sa isang bagay ay nagdudulot ng misinterpretation ng mga events dahil sa mga set of beliefs na ito ng PSI. Hindi rin naman mainam na maging sarado at maghanap ng talagang ikaka-disprove ng isang kaso, dahil kahit na ano pang evidence na ito nga ay paranormal ang dahilan ay hindi pa rin maniniwala.

Simple Misperceptions

Madalas na nire-report sa akin ay ang feeling na may humahawak o humahaplos sa buhok nila. Kahit na mga PSI team ay may ganito rin experience madalas. Pero malay nga natin na baka nga multo ang gumawa noon. Pero upang makatiyak ay alamin muna ang bagay na ito. Kapag dumating ka sa isang lugar at may sombrero o head gear o kahit ano pa sa ulo at inalis mo ito upang maging mas comfortable, maya-maya lamang ay mararamdaman mo na tila may nakapatong pa rin o nakalagay sa ulo mo. Ang buhok ay may touch receptors associated at naii-stimulate ito kapag nabe-bend. Kapag inalis mo ang nakalagay sa ulo mo ay bumabalik ang buhok sa dati niyang porma dahan dahan. Naii-stimulate nito ang touch receptors, at nagdudulot ng sensasyon na akala natin minsan ay may humahawak na multo sa buhok natin.

Ang “Sense of Presence”

Isa rin sa pinakamadalas i-report ng tao ay ang pakiramdam na mayroong presence o kakaibang bagay ang nasa kuwarto. Maaring dahil ito sa expectation. Sa isang reported na haunted house, ang PSI ay nag-e-expect na may makita o maramdaman. Dagdagan pa ng heightened suggestibility—na alam mo na ang lugar ay sikat at kilala sa pagmumulto—ang sense of presence ay maaring mainduced.

Sinusubukang makahanap ng ebidensiya para masuportahan ang paniniwala. Isang physiological cause ng sense of presence ay ang extremely low frequency sound waves—infrasound. Pagiging exposed sa infrasound ay nagbibigay ng iba't ibang physiological effects sa katawan ng tao, katulad ng anxiety, panginginig, paghabol sa paghinga, at pakiramdam ng unseen presence. Kapag ang wave na 18Hz ay present, ang mata ay maaaring mag-resonate, na nagdudulot sa tao na makakita ng hallucinations sa peripheral vision. Ang sound waves na ito ay maaring galing sa electrical equipment, at kahit na hangin na dumadaloy sa bintana o corridor.

Sensory Deprivation

Madalas na kaganapan sa ghost investigations, ang mga kasali ay halos malapit na sa sensory deprivation na may madilim at tahimik na lugar. Ang epektong kadalasan nakikita ay ang autokinetic effect—ang akalang paggalaw ng isang bagay na stationary.

Kapag ang ilaw ay pumasok sa mata, ang lente ay nagfo-focus ng ilaw sa image ng pinanggagalingan ng liwanag, projected sa retina sa likod ng eyeball. Nagbabago ang position ng image na ito sa retina kapag ang bagay mismo ay gumalaw o ang mata. Sa ordinaryong conditions, madaling malaman kung anong paggalaw ang nagaganap. Kung ang mata ang gumalaw, lahat ng image sa retina ay gagalaw. Kapag ang bagay ang gumalaw, ang image ng bagay sa retina ang magbabago ng posisyon, relative sa mga naka-focus na image ng bagay na nasa paligid nito. Ang mata ay may

dalawang klase ng photosensitive cells, ang rods and cones. Kino-convert nito ang light energy bilang mga signals na dinadala sa utak ng optic nerve. Ang rods ay light sensitive o sensitibo sa ilaw, at nagbibigay sa atin ng black and white na vision at nagpo-produce sila ng low-resolution image. Ang cones naman ay nagbibigay ng high resolution, color images, pero hindi sila kasing sensitibo sa ilaw tulad ng Rods. Sa gitna ng retina ay may maliit na region na tawag ay FOVEA. Mayroon lamang itong mga cone cells, kaya sa ordinaryong liwanag kailangan nating tumingin ng diretso sa bagay para magkaroon ng mainam na paningin. Sa lugar na madidilim, mas mainam ang rods para sa imaging at ang pinakamalaking bahagi nito ay nasa malapit sa outer edge of the eye o gilid na mga mata. Ibig sabihin mas madali at malinaw ang ating paningin sa gilid o corner ng mata kapag medyo madilim. Ang mga cells na ito ay nagbibigay sa 'tin ng best motion detection, kaya mas mainam at klaro ang movement sa gilid ng mga mata. Ang PSI o kahit na sinong tao na nakababad sa madilim na lugar ay maaring maka-perceive ng maliit o mahinang source ng light. At upang makakitang lubos kinakailangn tumingin gamit ang gilid ng mata diretso sa mga bagay. Ngunit walang masyadong detalye, kaya para magkadetalye ang bagay ay kailangan tingnan nang diretso para makakita ng malinaw. Ngunit kapag tayo ay palaging naka-focus sa isang point of light, nagsisimulang nawawala ang ating tamang perception dito, dahil ang chemical sa cone cells, ang iodopsin, ay nabe-bleach out. Para ma-resolve ito, ginagawa ng mata natin ang tinatawag na saccadic scanning, na ang ibig sabihin ay kung saan ang mata ay gumagawa ng

small rapid movements, ng hindi natin namamalayan. Ang saccadic movement na ito ay napagkakamalian natin na paggalaw ng light source kaysa sa paggalaw ng mata dahil walang ibang image ng bagay na visible para ma-relate natin ang paggalaw. Ito ang tinatawag ng autokinetic effect, at iba-iba sa bawat tao. Ang iba ay nakakakita ng maliliit na bagay na paggalaw, ang iba naman ay nakikita ang light source ng paglapit ng 8 inches. Kaya ang isang stationary point of light na biglang naging malaki at gumalaw na ball of light, ito ba ay ghost manifestation? Dapat din nating tandaan na kapag tayo ay nagfo-focus sa isang point of light sa madilim na lugar, ang mata ay kinakailangan gumagalaw upang mapanatiling nakikita ang source ng ilaw. Pareho sa rods at sa gilid ng mata. Hindi natin nakikita nang malinaw ang stationary object sa gilid ng mata hangga't hindi ginalaw ang ating mata at paningin.

Entoptic phenomena.

Entoptic phenomena ay mga sensasyon na mula sa structure ng visual nervous system. May kinalaman din sa mga objects mismo within sa structure ng mata, isang halimbawa ay ang “floaters”—maliliit na debris na lumulutang sa vitreous body ng mga mata. Ang vitreous humour ay parang malabnaw na jell na nakapalibot sa meta. Kapag ginalaw natin ang ating mga mata, ang jell na ito ay gumagalaw rin, at dahil sa paggalaw nito, at ang katotohanan na kapag tumatanda ay numinipis ang jell na ito, ang mga cells at fibers ng mata ay nasisira rin. Ang mga cells at fibers na ito ay nagka-cast ng anino sa

retina. At kapag gumalaw ang mata nakikita sila bilang mga semi-transparent, irregular lines na lumulutang sa ating paningin kaya tinawag sila na floaters. Kapag ang mga cells na ito ay nasira mula sa malapit sa optic nerve, maaari silang mag form ng circular shape na may clear middle, halintulad sa orbs at lightballs na sinasabing nakikita sa mga litrato. Ang mga floaters na ito ay maaaring mapagkamalang external objects na nakikita sa labas ng mata kaysa sa loob nito mismo. Minsan ang inaakalang mga shadow people o aninong dumadaan sa gilid nang biglaan ay mga sirang cells lang pala o floaters. Tsk tsk! Dami ko ng sirang cells! Minsan kapag walang magawa at autistic mode ako ay pinaglalaruan ko ang mga floater na ito! Move to the left, move to the right! Hehehe!

Awareness of imagery

Ang imagery ay phenomenon ng pagkakarun ng visual experiences kung walang visual stimulus mula sa labas. Isang halimbawa ay ang daydreaming. Kung kaya mong mag-imagine ng puting buhanginan, sandy beach, na may malinaw na kalangitan, at magandang asul na dagat at may alon sa dalampasigan, nakagawa ka na ng klarong mental image ng senariong 'yun. May mga ebidensya na ngpapatunay na madalas nating gamitin ang ganitong uri ng mental images. Halimbawa ay nagmamaneho ka at kailangan mong magdesisyon—kung mag-o-overtake ka ba sa kotse sa harap mo o hindi. Gagamitin mo ang iyong imahinasyon para makabuo ng senaryong posibleng mangyari–nakikita mo pa rin ang kalye pero nakabuo na ng mental image ang utak mo.

Hindi tayo aware na nangyayari ito—hindi gagana ang sistema natin kung wala nito pero hindi rin gagana ang sistema natin kung madalas tayong aware dito. Sa kaso ng mild sensory deprivation (quiet and dark), posible na alam mong imahinasyon lang ang nakikita mo kung walang ibang pinagkakaabalahan ang kamalayan mo. Dahil ito ay mga bagay na madalas hindi natin namamalayan, posibleng i-externalise ang imagery at i-interpret na nagaganap kesa iniisip lang.

Illusions at Hallucinations/Ilusyon at Guni-guni

May kaibahan ang dalawang phenomenang ito—ang illusion ay maling perception ng isang bagay, may dapat i-perceive pero mali nag pag-perceive. Ang hallucination ay perception tulad ng mga karanasan ng walang external stimuli. Mahirap paghiwalayin ang dalawang ito—ang illusion (kurtinang pumapagaspas na akala multo) ay pwedeng maging hallucination (maririnig na nagsasalita ang multo). Mahirap din i-separate ang illusion sa ordinaryong perceptions. Inaakala natin na nape-perceive natin ang mundo nang kung ano ito talaga, kung saan ang katotohanan ay nape-perceive natin ito ayon sa atin paniniwala, expectations, at mga experiences.

Ang ideal na situation para sa illusions na maganap ay sa mild sensory deprivation conditions, kadalasan nangyayari tuwing may ghost hunt--madilim na paligid, ang mga bagay ay hindi nakikita nang maliwanag, at panandalian

lamang na sulyap. Kapag ang observer ay may kasamang iba pa tulad ng witness, ang collective illusion ay posible. Kung ang grupo ay mayroong pareho o iisang common expectation, halimbawa ay may magpapakitang multo, at mag-uusap-usap sila habang o pagkatapos ng experience, maaring ma-fine tune ang kanilang mutual interpretations, at dahil diyan ay makagawa ng malapit na illusory perception.

Auditory Illusions

Ang human speech ay binubuo ng combination ng frequencies at rhythms. Ang tunog ng mga letrang t, k, f, sh, p, s ay combinations ng clicks, swishes, hisses, squeaks at ilang pang mga tunog ng ingay. Lahat ng tunog na ito ay nag-i-exist sa labas ng human speech. Dahil dito, maaring ma-misperceive ang tunog bilang creak ng pintuan o boses ng tao. Ang phenomenon na ito ay kadalasan sa may maiingay na lugar o tabing kalye, ilog, dagat, halamanan, maging gubat, factory, marami pang iba.

Perceiving Objects and Events

Pagpalagay na natin na nakakita nga ng isang event ang witness, gaano ka nakakasiguro na ito nga ay accurate? Ang perception ay hindi lamang proseso na sanhi mata, tenga, ilong, etc. ang mga importanteng bagay ay nagaganap sa utak. Maraming mga aksidente ang naganap na sinasabi ng nakabunggo na hindi niya nakita ang biktima. Malamang ay nakita niya ang biktima ngunit huli na nang ma-perceive ng utak niya. Blind spot! Ang phenomenon na ito ay tinatawag na selective

attention. Kailangang mag-function ng ganito dahil na rin sa dami ng information na hinaharap natin. Sa ordinaryong araw natin ay nabubuhay tayo nang lumalabas ng bahay, sumasakay sa sasakyan nang hindi natin namamalayan ang kulay ng kalye o kahit ilang mga puno sa paligid. Kung saka-sakaling may malaking lubak sa harapan mo ay maaari mo itong makita at maging aware ka dito, dahil may kakaiba sa normal na dinadaanan mo. At mainam na ma-register ang ganitong impormasyon baka malubak ka dito sa susunod. Isa pang halimbawa ay kapag nasa party ka at maraming tao, kahit na sabay sabay ang mga pag-uusap ay kaya mong hindi pakinggan lahat ng ito, makukuha lamang ang atensiyon mo kapag may isang taong tumawag ng iyong pangalan at pamilyar ka dito.

Perceptual Memory

Ang perceptual memory ay unreliable. Ang mata ng tao ay nakaka-distinguish ng ilang libong mga kulay, pero ayun sa pag-aaral ay kaya lamang maalala ay 17 sa memorya. Ang mga images sa ating isip ay hindi kasing klaro ng mga aktuwal na images.

Circadian Rhythms/ Biorhythms

Ang katawan ng tao ay may humigit kumulang na 100 circadian rhythms; ang cycles na ito ay nakaka-influence sa katawan ng tao—temperatura, hormones, tibok ng puso pati na rin blood pressure. Ito lahat ay nagaganap sa lugar ng utak na tinatawag na suprachiasmatic nucleus na nasa hypothalamus. Ang temperature ng katawan ng tao

ay bumababa pagkatapos ng 12mn at ang pinakamababa ay nasa 4 a.m. Ang antok ay madalas dumadapo kapag ang temperature ng katawan ay nasa mababa. Kaya nga ba ang isang observer na nagmamatyag magdamag ay pipiliting gisingin ang sarili dahil sa antok. Ang mga kamay at paa ay makakaramdam ng panlalamig, ito ay dahil na rin sa likas sa katawan ng tao ang unahin palamigin ang mga extremeties para ma-induce ang antok. Kapag tayo ay tulog na, ang katawan natin ay muling umiinit. Habang lalo nating pinaglalabanan ang antok o puyat ay lalo tayong manlalamig. Sa isang experiment (sleep deprivation na ginawa sa mga daga), pinakita roon na ang mga namatay na daga ay pareho ng mga namatay tulad sa hypothermia.

Microsleeps/Idlip

Ang isang taong palaging sobrang pagod ay malamang makaranas episodes ng microsleep. Ito ay mga pag-idlip ng mga sandalian lamang, mga ilang minutong pag-idlip. Hindi namamalayan ng tao na ito ay nagaganap. Sobrang ngarag at pagod, ayun microsleep. Mas maganda pakinggan kaysa sa idlip.

Hypnogogic state

Ang hypnogogic state ay nagaganap sa pagitan ng pagkakatulog at pagkakagising. Ang hypnogogic ay ang phenomenon na nagaganap habang papatulog, ang hypnopompic naman ay phenomenon ay kung papagising. Sa antas na ito, ang hypnogogic dreams ay maaring maranasan na hindi kapareho ng mga ordinaryong panaginip lamang. Sa panaginip na ito mga realistic images at sounds ay

ma-e-experience—isang madalas na phenomenon ay ang pagkakarinig mo sa pagtawag sa pangalan mo, ngunit paggising ay wala naman tumatawag sa 'yo. Isa itong hypnogogic hallucination. Mdalas rin makita—ito ay mga geometric images na produced ng visual system kaysa ng external stimuli. Halimbawa nito ay ang paglalaro mo ng Tetris sa computer ng matagal na oras bago matulog. Kapag natulog ka na at na-reach mo ang hypnogogic state, mga vivid images ng Tetris ang iyong makikita. Kung itong phenomenon na ito ay maganap sa microsleep, ang mga images ay maaring pagkamalian na perception ng external world.

REM

Ang REM (rapid eye movement) sleep ay stage ng pagtulog kung saan ang panaginip ay nagaganap na kadalasan ay nangyayari mga isang oras pagkatulog. Sa ibang mga pagkakataon, tulad ng sleep deprivation, ang REM sleep ay maaring maganap kaagad. Ang paralysis ng katawan habang nasa REM sleep ay nagaganap bilang isang protective mechanism. Upang maiwasan ng tao ang paggalaw o pag-akto ng kanyang panaginip na maaring makasakit sa mismong nananaginip (o ibang tao na rin), ang isang tao ay nakakaranas ng episode ng sleep paralysis. Ito ay nangyayari kapag ang tao ay nakatulog nang nakatihaya at nangyayari kung papatulog na o papagising. Ang akala ko bangungot 'yun. Sleep paralysis pala! Ang paralysis na nagaganap habang REM sleep ay maaaring magpatuloy kahit magising na ang isang

tao. Ang katawan ay magiging mas mabigat at hindi maigalaw, kahit na ang tao ay aware na sa kanyang environment, pero hindi makagalaw o makasalita. Ang mga mata ay kadalasan naigagalaw. Ang heart rate ay bumibilis, may kahirapan rin sa paghinga, at may matinding pagkatakot. Ang ilan ay magkakroon rin ng ilang hypnogogic imagery—mula sa pagkakarinig ng mga nakakatakot na boses, ang feeling ng may presence, at pagkakita ng mga strange figures. Bangungot nga ata!

Orbs

Maraming mnga theory ang nababalot sa sinasabing mga orbs na ito. Ito ay mga tila bilog na ilaw na nakukunan sa mga letrato at sinasabing mga multo o espirito. Madalas ang mga orbs na ito ay dust, pollen, dew, fog, ulan, at marami pang iban. Noong naglabasan ang mga camera na digital ay marami rin ang nakukunan orbs. Sa 10 na nakunan, 10 ang hindi totoo. Mahirap makakuha ng totoong spirit orb, madalang. Sa aking theory, ang spirit o ghost o minsan maging ang mga thoughtforms kapag nagiging mobile ay nag-a-assume ito ng pinakamadaling form na kung saan equal pressure lahat—ang spherical shape. Tulad na lamang ng sa bula ng sabon. Kahit na anong shape pa ng alambre o pangkuha mo ng sabon ang lalabas na bula ay bilog kasi may equal distribution ng pressure sa paligid. So kung ang energy na ito ay magta-travel, mag-a-assume ito ng ganitong shape dahil na rin 'yun ang natural form.

Mayroon din namang tinatawag na lightning ball o santelmo (St. Elmos). Ito raw ay apoy na bola na

naghahabol ng tao sa bukid at mga patag o kung saan mang mga lupain. Again, may theory po ako diyan. Ang St. Elmo's fire o santelmo ay hindi po espirito, multo, o maligno! Tadah! Ito po ay gas! Huh? Papaano! Ganito po iyon. Lumalabas lamang ang santelmo tuwing pagkatapos ng isang lightning storm o pagkidlat. Minsan po ang ilalim ng lupa, lalo na kapag may space, ay nagkakaroon ito ng mga gas (bio, methane, etc.) na sumisingaw kapag lumamig o nabasa. Parang alimuong, 'yung kapag sobrang init ng lupa at binasa mo ay may singaw. Baka sikmurain ako! Ang gas na ito ay sumisingaw at kapag nagkaroon ng electrolysis o kahit grounding ay sumisindi. Tulad ng isang vapor ng alcohol. Ang gas na ito ay naghahanap ng static conduit (alam niyo ba 'yung electric ball na kapag dinikit mo ang kamay mo ay sumusunod ang kuryente? Ganun 'yun!). So ang tendency ng so-called bolang apoy na 'yun ay habulin ang tao at nawawala rin ito kapag wala nang vapor. Ganun pala 'yun!

Kadalasan sinasabi nila kapag mayroon daw santelmo ay may kayamanan na nabaon. Mas malamang na ito ay may katotohanan. Dahil na rin kapag nagkaroon ng pressure ang space sa lupa na pinagbaunan (tapos may decomposed na body pa) ay magkakaroon 'yun ng gas na maaring sumingaw kapag may ambon at kidlat. Hindi po multo o espirito ang santelmo! Gas po 'to!

Ψ

Maging ano pa man ang kalabasan, paranormal o maging normal lamang ito, ang Paranoramal/Psychic Scene Investigation Team ay

patuloy na tutuklasin ang katotohanan, ang pag-iimbestiga at pag-research sa mga bagay-bagay na inaakalang supernatural ay hinahanapan ng kadahilanan. Maging espirito man o energy ay subjected pa rin ito sa mga prinsipyo at batas. Ang koneksiyon ng pagpaparamdam o manifestation at ng electromagnetic field radiation o ionization pati na rin ng isip at paniniwala ng tao ay pag-aralan kung ito nga ay paranormal—nagiging maliwanag na pagtagal-tagal dahil na rin sa ang mga experiments, research, investigations ay unti-unting nagtutugma-tugma. Siguro balang araw ay maaari na nating ilagay sa test tube ang multo o 'di kaya ay ilagay ang espirito sa picture tube o LCD screen at makausap ng tulad kapag kausap ang taong normal. Aabangan ko ang multo ni Einstein, Aristotle, at Galileo. Sarap makipagkwentuhan kapag nagkataon!

ψ

TERMINOLOGY

ALPHA
Isang brain rhythm o brain wave na nagmumula kadalasan sa occipital region ng cortex. Inihahalintulad rin ito sa psychological level na may pakiramdam ng relaxation at kawalan ng atensiyon sa isang bagay. May frequency na nagre-range sa pagitan ng 8 and 13 Hz (Hertz, or cycles per second

ALTERED STATE(S) OF CONSCIOUSNESS (ASC)
Nag-di-describe sa kahit na anong kalagayan ng

mental state na kaiba sa normal waking condition; posibleng *psi-conducive states.*

ANOMALY
Term na ginagamit sa 'di inaasahan kaganapan na dapat ay ayon sa conventional scientific knowledge, minsan mas ginagamit kaysa salitang *"paranormal."*

APPARITION
Madalas ay visual ngunit minsan ay sa ibang sense-modalities kung saan may nakikitang tao o hayop (patay o buhay) at minsan pati na rin inanimate objects tulad ng kalesa, barko, at ibang mga bagay.

ASTRAL BODY
Isang entity na sinasabing kapareho o "double" ng katawan. Sabi nila na maaaring humiwalay sa physical body panandalian, *out-of-the-body experience,* o permanente, sa oras ng kamatayan.

BIO-PK
Terminong ginagamit upang mag-describe sa *psychokinetic* effects na dulot ng living systems; halimbawa ang ang *paranormal* na pagpapabilis o pagpapabagal ng pagtubo ng buto o pagdami ng bacteria. Symbol ay "PK-LT" ("psychokinesis sa living *targets*") galing kay J. B. Rhine; ito rin ay tinatawag na DMILS, o direct mental influence on living systems.

CLAIRVOYANCE

Isang *paranormal* na pamamaraan ng pagkuha ng impormasyon sa isang bagay o kahit ng isang pangyayari; kabaligtaran ng *telepathy,* na kung saan ang impormasyon ay nakukuha directly sa external physical source

COLD READING
Mga impormasyon na sinasabing nakukuha ng *paranormal* na pamamaraan ngunit ang katotohanan ay nahihinuha sa mga sinasabi at ginagalaw ng taong nagpapa-*reading,* tulad ng pagtingin sa mukha at reaksiyon, mga clues sa pakikipag-usap, at marami pang ibang paraan.

DERMO-OPTICAL PERCEPTION (DOP)
Tinatawag ding “skin vision,” “finger vision,” “dermal vision,” “digital sight,” “paroptic vision”. Na kung saan nakakakita o nakakahinuha ng kulay, image sa pamamagitan ng paghawak.

DISSOCIATION
Isang proseso na kung saan ang awareness (kamalayan tulad ng perceptual, memory, physical) ay nase-separate o blocked sa main center ng consciousness.

DOPPELGANGER
Isang apparitional double o counterpart ng isang buhay na tao. May theory na ito ay ang evil side o repressed side ng isang nilalang na lumalabas at gumagawa ng masama. Classic example ay si Dr. Jeckyl at Mr. Hide.

ECTOPLASM
Ito ay ang iniiwanan na substance sa isang materialization ng entity o multo. Kadalasan mucus type at gawa sa condensed water at alikabok.

ELECTRONIC VOICE PHENOMENA (EVP)
Binubuo ng mga tunog na sinasabing mga boses ng mga pumanaw, ni-record sa isang magnetic cassette tape o kahit anong recorder.

EXTRASENSORY PERCEPTION (ESP)
Ang paghango ng impormasyon, o tugon sa isang event, bagay maging mental, physical: past, present or future ng hindi ginagamitan ng conventional na pamamaraan.

FANTASY-PRONENESS
Sa nagpapantasya madalas at nakikita, naririnig, naaamoy, at nahahawakan kung ano man ang pinagpapantasyahan niya. Ito ay mga taong kayang mag-*hallucinate* voluntarily upang maging mahusay na *hypnotic* subjects.

GHOST
Popular na ginagamit upang i-describe ang *apparition* ng isang yumao.

HAUNTING
Ito ay ang regular o palagiang pagkakaroon ng *paranormal* phenomena sa isang lugar tulad ng

building, bahay, kalye, etc. Kadalasan din ay may mga activities at apparition ng *entity;* maaaring isama ang *apparitions, poltergeist* disturbances, malamig na hangin, tunog ng yabag at mga boses, pati na rin ang mga amoy sa paligid.

HYPNOSIS
Isang condition ng pag iisip na may kaakibat na paglimita o pag-narrow ng attention. Nagiging bukas sa mga suggestions at maaaring i-induce sa iba't ibang paraan.

IDEORETINAL LIGHT

Ito ay ang phenomenon ng flashes of light o kulay na lumalabas sa ating paningin kahit walang sensory stimulation. Madalas sakop din nito ang ilan pang optical phenomena, mula sa simpleng linya at patterns, hanggang sa tinatawag na "wallpaper patterns." Ang epektong ito ay form ng entoptic phenomena.

INTUITION
Isang abilidad na nakakahinuha ng mga bagay-bagay liban sa paggamit ng reasoning at intellect na labas o 'di saklaw ng consciousness.

LEVITATION
Ang paglutang o pag-suspend ng isang tao o maraming tao sa ere nang walang ibang bagay na sumusuporta dito.

LUCID DREAM
Isang panaginip na kung saan ay alam ng nananaginip na nananaginip siya sa panaginip na pinapanaginipan niya. Gets?!

MEDITATION
Isang malawak na terminohohiya na kung saan sakot ang mga pamamaraan upang ma-achieve ang iba't ibang *altered states* of awareness na nagreresulta sa ecstatic qualities na kung tawagin ay "samadhi" "nirvana". Mga pamamaraan upang patahimikin ang pag-iisip. Ilan sa mga techniques ay nangangailangan ng concentration na ang atensiyon ay nakatutok lamang sa isang bagay at hindi gumagala. Ang ibang technique ay hinahayaan lamang nila ang kanilang sariling mag-relax.

MUSCLE-READING
Isa rin phenomenon na gumagaya sa *telepathy* na kung saan ang tao ay may kakayahan na makakuha ng impormasyon sa pamamagitan ng physical na pamamaraan tulad ng pagmasid o paghawak sa taong nakakaalam ng impormasyon at pagpapakiramdam ng galaw ng mga muscles. Katulad din ng Cold Reading.

MYOCLONIC ERK

Sa pagkakaidlip, ang myoclonic jerk ay maaaring maranasan. Ito ay ang involuntary jerking ng muscles, sanhi ng mga harmless

misfiring ng nerve cells. Minsan napagkakamalan na hinahawakan o nahuhulog sa pagkakatulog. Sinasabi nilang kapag ganito raw ay tatangkad? Parang hindi totoo ang kasabihan na 'yun.

OCCULT
Terminong nagre-refer sa ilang mga karunungan o practices tulad ng magic, astrology, witchcraft, sorcery, at marami pa. Kadalasan ay may kinalaman sa mga esoteric knowledge o paggamit ng mysterious knowledge.

OUT-OF-[THE]-BODY EXPERIENCE (OBE, or OOBE)
Isang experience na minsan ay spontaneous o kaya ay induced, kung saan ang sentro ng kamalayan ay nasa labas ng katawan ng tao. Ang term na OBE ay mas ginagamit ng mga parapsychologists kaysa *astral projection.*

PARANORMAL
Terminong ginagamit sa mga phenomenon na kung saan ay ang event na ito ay lumalagpas sa normal na kakayahang pang-physical.

PARAPSYCHOLOGY

Ito ay ang scientific na pag-aaral ng paranormal phenomena, tulad ng psi. Kapareho rin ng Psychic Research.

PAREIDOLIA

Isa pang pamamaraan kung saan ang external stimuli ay maaaring ma-misperceive ay tinatawag na *pareidolia*. Ang pinaka-example ay kapag tumingin ka sa ulap ay may makikita kang mga mukha, hayop, at kung anu-ano. Ang human brain ay pinipilit bigyan ng kahulugan ang mga bagay sa paligid niya. Kapag pinakitaan ng stimulus, ima-match niya ito sa isang bagay o mga bagay na nakita na niya dati o na experience.

PHOTOGRAPHY, PARANORMAL
Ito ay ang *paranormal* production ng mga images sa photographic film; kilala rin bilang "thoughtography."

POLTERGEIST
Isang disturbance na nagpapakita ng mga kakaibang physical na effects na paranormal ang kadahilanan na sinasabing may maloko at mapanggulong intensiyon. Ang phenomenon na ito ay sumasaklaw sa hindi maipaliwanag na pagkasira ng bagay, malalakas na tunog, pagsindi ng apoy, paggalaw ng gamit, at kahit na pananakit sa mga tao na hindi tulad ng isang haunting lamang. Ang phenomenon na ito ay kadalasang depende sa presence ng isang tao tulad ng binatilyo, dalaga o kaya ay bata.

PREMONITION
Isang impression na may magaganap na isang bagay na nakikita o nararamdaman sa hinaharap. Kadalasan ay hindi maganda at kahit na walang normal na impormasyon o kadahilanan ay nalalaman pa rin na ito ay magaganap.

PSI (Ψ)
Tenty-third letter ng Greek alphabet na ibig sabihin ay Soul.

PSI-CONDUCIVE
Isang pangyayaring nagiging pabor sa isang paranormal occurrence.

PSYCHIC(AL)
Ang "psychic" ay nagre-refer sa isang individual na may psi ability. Bilang adjective, ginagamit na pantukoy sa isang *paranormal* event, abilities, research, at marami pa. Kaya ibig sabihin ay lahat ng bagay "concerning o involving psi," o "*parapsychological*."

PSYCHIC RESEARCHER
Isang psychic research na ginagawa ng may katulong na isang sensitive o iba pang bagay na paranormal upang makahango ng mga impormasyon.

PSYCHOMETRY
Nagre-refer sa practice na kung saan ang sensitive

ay humahawak sa isang bagay at nakaka-obtain *paranormally* ng information tungkol sa object o may-ari nito.

READING
Mga katagang nagmumula sa isang *sensitive* (o isang resulta na nagmumula sa paggamit ng *divination*) na kung saan sinusubukang i-obtain ang *paranormal* information or "messages."

REMOTE VIEWING
Sinsubukang i-describe ang kapaligiran ng isang bagay o tao na *subject habang nasa malayong lugar.*

SENSITIVE
Isang tao na madalas maka-experience ng *extrasensory perception* at kung minsan ay kayang i-induce kung gugustuhin. Hindi ibig sabihin ay iyakin o matampuhin.

SHAMAN
Isang *medium,* witch-doctor, o pari na may angkin na supernatural powers (daw!)

TELEPATHY
Pagkuha ng mga information na may kinalaman sa pag-iisip, pakiramdam o activity ng isang conscious being. Ang terminong ito ay ang pumalit sa "thought-transference." Hindi lamang ang pagpapadala ng mensahe sa pamamagitan ng isip, bagkos ay pati pag receive ng impormasyon.

TRANCE
Isang state ng *dissociation* na kung saan ang individual ay oblivious sa kanyang kalagayan at kapaligiran, na kung saan iba't ibang form ng *automatism* ay maaring ma-express.

ZENER CARDS
Ang orihinal na pangalang tinawag sa *ESP* cards; pinangalan sa isang psychologist na si Karl Zener, isang colleague ni Rhine na nag-suggest ng mga nilagay na mga symbols sa cards (circle, cross, square, star, and wavy lines). Ginagamit upang malaman kung may angkin kakayahan ang isang tao bilang precognitive, telepath, et cetera.

Ruel Ruiz has been a paranormal personality since the late 80s. Studying metaphysics and occult science at a very young age, he began his search and formal

training everywhere he can. Began his professional counseling at the age of 19, he now trains both young and adult on how to handle and nourish their Mind Potential. As a consultant for both metaphysics and paranormal, he concentrates his abilities in training people on how to handle and make use of their abilities practically. He now anchors IAMI, IAMU, Religious Science International Seed Group, Magick Grove Center, T.O.A., RSOM Center, SOURCE, and Integrated YOGA here in the Philippines.

He has done countless TV, radio, and print appearances nationwide advocating human potential. With his TV debut as a professional paranormal expert in *Teysi ng Tahanan* and *Verum Est*, ABS-CBN's *Nginiiiig* and Studio 23's *Hidden Files*, he guides and trains the old and young ones in developing their abilities on how to help not only the living but also the earthbound spirits with the use of their Mind Faculty.

Together with senior instructors, he heads the training of those who want to develop their skill both in Occult Sciences and Paranormal/Psychic Investigation.

To contact the author:
razuli88@yahoo.com

Salamat kina:

Nanay Conching, Soxy Topacio, Berni Bernardo, Corazon Inigo, Veda Banez-Alonzo, Enrico Santos, Ann Santos, Ginny Franco, Raymond Dizon, Rowel

Merez, Jovert Mayuga, Randy Villanueva, the late Direk Luigi Santiago, Henry Caballero, Pong Alonzo, the late Zeni Amador, Maring Llamado Reyes, Danny Mandia, Rowena Aguilar, the late Rolando Tinio, Mrs. Rufino, Fortune Ledesma, Mr. Fortunato Marcelo, Nora Santos and Vic Santos, Claire Villanueva, Judge Erlinda Uy, Nenita Manzano, Portia Amores, Lotlot de Leon, Jodie Santa Maria, Rica Parralejo, Angelica Dela Cruz, Luis Manzano, Luis Alandi, Jospeh Bitancol, Tita Trillo, Cita Astals, Boy Abunda, Wen Deramas, Joey Reyes, Jerry Sineneng, Joyce Bernal, Fritz Infante, Jao Mapa and Tess Mapa, Leo Villarosa, Renato Tan, Ryan Agoncillo, Kim Atienza, Lolo Kikoy at Kuya Cering Crisostomo, Nana Petra dela Cruz, Julius Babao, Kris Bersola Babao, JC Cuadrado, Jaja Bolivar, JM Rebueno, Jojo and Virgie Jardeleza, Lolo Maning and Lola Ruth, Inday ko Tess at Tito Manoling, Menchu Tamayo and Ninong Ogie Tamayo, Nanay Cristy Fermin, Len Tamayo, Budying Dayao, Beth Victoria, Marizza Aboitiz, Tess Suplico, Jules Dizon, Perla Premesias, Douglas Nierras, Pining Tambunting, Rene Salud, Ben “Tatang” Farrales, Gerry Sunga, Gerry Katigbak, Jojie Lloren, Raymond Villanueva, Imelda Romualdes Marcos, Ditas Sandicho-Ong, Tony Galang, Celia Umali, Becky Laurel, Kit Crisostomo, Conchitina Bernardo, Lanel Abueva, Lydia and Jim Paredes, Tessie Tomas, Raphael “paeng” Pacheco, Jae Sabas Aracama, Judy Valeras, Marietta Fernandez, Cora Villanueva, Tessa Prieto, Tim Yap, Jomar Fleras, Conrad Adamos, Anthony Teh, Great Ancheta, Henry Lim, Princess Fernandez, Eric Cua, Lloyd Lim, Mrs. Ongkiko, Ninang ko Guia Gomez, Grace Apolinario, Patti Chiong, Leni Chan, Anita Chan, Cynthia Nakpil, Suprema, Rene

Mariano, Madame Auring, Madame Rosa, Anthea, Jojo Acuin, Jinky Datiles, Frank Regis, Riza Regis, Augusta “Chicki” Almeida, Cecille “Ching” Guttierez, Jo Vilosano, Noel Resella, Boy Maria Montelibano, Jimmy Licauco, Helen Mirasol, Mimi Tan, Georgina Solina, Thomas Leang, Felix Fojas, Roger Ruiz, Claudette Rosal, Edgar Guevarra, Bionic Boy, Johnny Midnight, Jun Labo, Tony at Edwin Agpaoa, Paul Boucard, Gene Gonzales, Mariel Francisco, Fr. Calauag, Fr.Joey de Leon, Fr. Bulatao, Henry Lim ng Government, Ernie Santos, Arlene de Guzman, Myra Marcos. At sa lahat ng tao na nakilala ko.